# *Ang Binhi Ng Serpiyente*

Minamahal na Dios, ang dakila at makapangyarihang Dios, Na nag-anyo ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang Espiritu; at nagdala kay Jesus Cristo, ang Kaniyang bugtong na Anak, Na kusang namatay para sa amin na mga makasalanan, ang Matuwid para sa di-matuwid, upang ipagkasundo kami pabalik dito sa kamangha-manghang pakikisama na mayroon kami muli sa Dios. Tulad ng itinuro sa amin sa mapagpalang Salita, na kami ay may pakikisama sa Kaniya bago pa itatag ang sanlibutan. "Nang ang mga bituin pang-umaga ay nagsiawit na magkakasama, at ang mga anak ng Dios ay naghihiyawan sa kagalakan, doon bago pa natatag ang sanlibutan." Paano naming malalaman na iyan nga ay hindi ang siya ring oras na nang ang Cordero ay pinatay; na nang ang Dios, sa Kaniyang dakilang kaisipan, nakita kaming naghihiyawan at nagkakagalakan sa aming kaligtasan sa pamamagitan ni Jesus!

2 At, sa gabing ito, kami lamang ay may paunang-tikim niyang dakilang Banal na kaluwalhatian na mahahayag sa Kaniyang pangalawang Pagparito. Lahat ng karamdaman at kapighatian ay mapaparam na. Pagkatapos kami ay magkakaroon ng isang katawan na katulad ng Kaniyang Sariling maluwalhating katawan, sapagka't aming makikita Siya na gaya ng Kaniyang Sarili. Dito habang kami ay tumitingin sa aming mga kamay na natutuyo, ang aming mga buhok na pumuputi, at mga balikat na bumubukot, aming nalalaman na kami ay mga mortal at patungo sa alabok kung saan ang aming mga ulo ay nakayuko ngayon, at kung saan kami nanggaling. Nguni't, Panginoong Dios, kung gaano ang katiyakan na Ikaw ang Dios, Ikaw ay nangako na kami ay muling ibabangon sa mga huling araw, at aming sinasampalatayanan ito.

3 Taimtim kaming tumatayo taglay ang aming pananampalataya sa gabing ito sa Iyong Presensiya, lumalapit na may lakas ng loob dahil sa iniutos ni Jesus sa amin na gawin ito. Hindi sa ano pa mang mabuting bagay na aming nagawa, dahil sa wala kaming nagawang tama; kundi kami ay lumalapit na may pagpapakumbaba, inihahayag na aming pag-aari ang kayamanang ito dahil sa Kaniyang biyaya na inilaan sa amin. Kaya, kami ay lumalapit na humihiling na Iyo kaming pagpapalain sa gabing ito sa paghahayag ng Salita. Sapagka't nasusulat, na, "Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawa't Salita na lumalabas mula sa bibig ng Dios." At hayaang ang bibig ng Dios ang maipangusap ngayong gabi. Hayaang ang mga salita ay lumabas, at nawa Ito'y magtungo sa kaibuturan ng mga puso namin, mga tagapakinig, at mapuspos

ng Iyong Espiritu at Iyong Presensiya. Sapagka't ito'y aming hiling sa Pangalan ni Jesus. Amen.

4 Nga—ngayon at kahapon, kagabi, pala, at ngayon, tayo ay nag-uusap tungkol sa paksang, una, upang pangunahan ito, *Bakit Tayo Ay Hindi Isang Denominasyon*. At atin pa itong ginawang lalo pang madiin, kung bakit hindi tayo isang denominasyon, at kung bakit hindi tayo naniniwala sa mga denominasyon. Dahil, ating nasusumpungan ito sa Biblia, na ang mga denominasyon ay hindi kailanman inordena ng Dios; ito ay inordena ng diablo; at pinatunayan ito sa pamamagitan ng Biblia. At kung paanong iyan, sa pamamagitan ng mga denominasyon, ay nagdudulot ng kamalian. Ngayon sinasabi natin ito upang ituwid at dalhin ang tabernakulong ito sa isang pakikisama sa palibot ng mapagpalang Salita ng Dios. Na, ang ating mga pag-asa ay hindi nakatayo sa kung ano ang sinasabi ng denominasyon, o kung ano ang sinasabi ng sinuman; ito'y nakatayo ayon sa kung ano ang sinabi ng Panginoong Dios. At 'yan lamang ang tanging paraan na tayo'y maitutuwid nang tama.

5 At sa umagang ito, ako ay may limang, palagay ko, iba't ibang mga artikulo na lumabas mula sa mga denominasyon, na tunay na hindi sinabi sa Biblia, na ang mga iglesyang Protestante ay niyuyukuran ito, at itinuturo bilang doktrina; ang gayon ding bagay na ang matandang inang patutot, ang iglesyang Katoliko ay ipinangangaral, at lumabas patungo sa iglesyang Protestante. At tayo'y yumuyukod sa gayon ding bagay na salungat saan man sa Salita ng Dios.

6 Ang unang iglesyang denominasyonal, ating sinaliksik ito kaninang hapon sa kasaysayan ng mga ama ng Nicaea, ng iglesya sa Nicaea. Pagkatapos ng pagkamatay ng mga apostol, doon dumating ang mga ama ng Nicaea, at sila'y nagpatuloy nang ilang mga taon. Tatlong daan at dalawampu't limang taon, sa wakas dumating sa—sa Nicaea, France, kung saan sila nagkaroon ng—ng dakilang konseho ng Nicaea. At doon kanilang binuo itong mga aral ng tao na mayroon ang iglesyang Katoliko ngayon, at gayun din na naisalin sa mga Protestante.

7 At tulad ng sinabi ko sa—sa pagtuturo kaninang umaga, "Bawa't isa niyaong mga kapanahunan ng mga iglesya, patuloy hanggang diyan sa—sa kapanahunan na iyan ng iglesya ng Tesalonica, ang labinlimang daang taon ng madilim na mga kapanahunan, wala isa mang pagkakataon kundi kung ano lang ang Kaniyang sinabi, 'Nasa iyo pa rin ang Aking Pangalan.'"

8 At sa kabilang dakong ito, sila'y wala na kay Cristo, sila'y lumabas na taglay ang isang denominasyonal na pangalan, "Katoliko, Luther, Wesley, Baptist, Presbyterian, Pentecostal," at mga sumunod pa.

9 Nguni't bago pa ang pagsasara ng kapanahunan, ay sinabi Niya, "Ako'y naglagay sa harap mo ng bukas na pintuan." Kita n'yo? At iyan ang kapanahunan na sa ating paniniwala ay kung saan tayo naroon ngayon, ang panahon ng bukas na pintuan, sa pagitan ng huling paglabas ng iglesyang Laodicea.

10 At ito'y eksaktong tatlong daan at dalawampu't limang taon tungo sa konseho ng Laodicea. At doon kanilang kinupkop ang mga sistemang ito kagaya ng pagwiwisik, pagbubuhos, at maling mga bautismo, huwad na espiritu santo, lahat ng iba pang mga bagay na ito. Kanilang kinupkop ito.

11 At pagkatapos nang si Luther, bilang isang pari, at lumabas mula sa iglesyang Katoliko, dinala ang mga bagay na ito na kasama nito. At mula diyan dumating si Zwingli, mula kay Zwingli dumating si Calvin, mula kay Calvin dumating si Wesley, oh, at patuloy. At kanila lamang patuloy na dinadala yaong mga aral ng tao. At paano mapangungunahan ng Dios ang Kaniyang Iglesya, kung ang kanilang sinusundan ay mga daan na hindi kailanman Niya inilabas upang sa kanila ay manguna?

12 At alalahanin, sa Apocalipsis 17, nakita natin "ang babae." Ngayon ang mga salitang ito ay maliwanag. Sila'y nakasulat sa Biblia, kaya sa palagay ko maaari ko silang sabihin. Sinabi nito na ang babaing ito ay isang "patutot." Ibig sabihin niyan na siya ay kilalang maruming babae; na siya dapat ay ikakasal sa isang asawang lalaki, at nakiapid sa sanlibutan. At siya ay may isang. . .Siya'y isang "INA NG MGA PATUTOT," kung gayon siya ay may mga anak na babae. At aming inilarawan 'yan ayon sa heograpiya, bilang nasa . . . At doon, ako mismo, sa pagkasumpong nito sa Kasulatan, sa pagkakita sa kaniyang mga doktrina at lahat ng bagay, ako'y naniniwala na ang Panginoon ay perpektong inilatag ito sa hanay, na 'yan ay wala nang iba pa kundi ang iglesyang Katoliko. Ito ang tanging paraan na puwedeng mangyari. At ano ang kaniyang isinilang? Ang mga iglesyang Protestante. Eksakto, ginawa n'ya.

13 At siya'y may hawak sa kaniyang kamay na isang kopita ng alak ng kaniyang mga pakikiapid, at kaniyang ibinibigay ito sa mga hari sa lupa. At siya ang namumuno sa buong mundo, sa espirituwal na pangungusap. At 'yan ay eksaktong tama. Wala nang iba pang . . .

14 Tingnan, ating, tayo'y maaaring bumalik doon sa Daniel at kunin ang larawan. Tingnan ang larawan: ang ulo ng ginto, ang kaharian ng Babilonia; tanso . . . o pilak, Medes-o-Persia; tanso, si Alexander na Dakila, at iba pa, ang kaharian ng Gresya; pagkatapos ang mga imperyong Romano, Silangan at Kanlurang Roma, ang dalawang paa.

15 At pansinin sa sampung mga kahariang ito, na eksaktong dumarating na kasama niyaong sampung sungay na ating pinag-uusapan kaninang umaga, sa bawa't isa niyaong sampung

kaharian na babangon, may bakal at luwad na pinagsama. At 'yung bakal ay mula sa mga hita, na ang Roma. At may bahid ng Romanismo na inihalo sa bawa't bansa na mayroon sa ilalim ng Langit, sa pamamagitan ng iglesyang Katoliko. 'Yan ay tamang-tama. At sila'y di maghahalo, kahit saan.

16 At sila'y mangagkakapangasawahan, sa pagitan ng isa't isa. Sinabi ng Biblia na kanila ngang gagawin. At masdan sila ngayon. Ang inyong anak na binata ay sumasama sa isang dalagang Katoliko; kapag sila ay magpapakasal, sila ay kailangang mangako na palalakihing Katoliko ang kanilang mga anak; kita n'yo, gayun din naman sa isa. Kita n'yo, ito'y upang sirain ang kapangyarihan ng isa.

17 Nguni't ano ito? Ang Biblia ay nagpapahayag na ang kabuuang bagay ay isang patutot. Ngayon ano ang inyong gagawin? Iya'y tama. At kung paanong ang mga kasalanan ng mga tao ay dadalawin. . . Tayo'y bumalik sa Deuteronomio, at ipinakita na ang isang anak sa labas, bastardong anak, ay hindi man lang maaaring makapasok sa kongregasyon ng Panginoon sa loob ng labing-apat na henerasyon. Iyon ay nasa ilalim ng kautusan. At si Cristo ay dumating upang patindihin ang kautusan. Gaano pa kaya ngayon?

18 At ano ang nangyayari sa mga ito, anong nangyayari dito sa mga mumunting babaeng pakawala na nasa kalsada ngayon, itong mga babaeng naninigarilyo, at nakasuot ng maiiksing damit, mga babaeng pakawala na maiiksi ang buhok, at kung anu-ano pa? Anong nangyari dito? Ito'y dahil sa ang kanilang ina ay kumilos nang ganiyan. Ito'y pagdalaw, ang katampalasanan, mula sa isang henerasyon tungo sa isa pa. 'Yan ay kung ano ito. At ano ang nakuha natin? Tayo'y napunta sa isang kalalagayan, isa lang kalipunan ng walang iba kundi maruming kasalanan.

19 Iyan ang dahilan kung bakit itinaas ng Dios ang Rusya, doon, na may bomba atomika upang burahin s'ya, tulad sa unang paggunaw sa pamamagitan ng baha, nang Kaniyang itaas ang mga ulap. Sigurado, ginawa Niya. At sinasabi ng Biblia na ganiyan nga. Ang Rusya, ang ateistikong bansa na sila nga'y ganoon, hindi naniniwalang may Dios, ay totoong kumikilos nang hustong-husto sa mga kamay ng Dios na Makapangyarihan-sa-lahat. Katulad lamang ng Haring Nabucodonosor na wawasakin ang Israel dahil sila'y nabigong lumakad kasama ang Dios, ang Rusya ay bumabangon upang "ipaghiganti ang mga banal," ng iglesyang Katoliko, sa dugo na kaniyang pinabubo mula sa mga banal. Ang Biblia ay nagsabing gayon nga. Ito ang sasakop ng buong bagay.

20 Kaya masdan dito, kung ang kanilang ina ay isang babaeng manganganta't mananayaw, at ang kanilang lola, at ang ina nito ay isang babaeng pakawala, ano siya ngayon? Isang rock-

and-rollistang naghuhubad. Ano ang magiging kahihinatnan ng kanyang mga anak?

At sinasabi n'yo, "Ginagawa ba 'yan ng Dios?" Opo, ginoo.

21 Ang Dios ay dinadalaw ang kasamaan ng mga anak, ang henerasyon, maging hanggang sa labing-apat na henerasyon. At kung si Cristo ay dumating upang patindihin ito, sasabihin natin, "Isang daang henerasyon, o limang daan na henerasyon." Aba, sabi Niya, "Silang mga matatanda, inyong narinig silang nagsabi, sila nang unang panahon, 'Huwag kang papatay.' Sinasabi Ko, 'Ikaw, na laging napopoot sa kaniyang kapatid na lalaki, nang walang dahilan, ay pumatay na.' Narinig ninyo silang nagsabi, sila nang unang mga panahon, 'Huwag kang mangangalunya.' Nguni't sinasabi ko na sinuman ang tumingin sa isang babae na magnasa sa kaniya, ay nagkasala na ng pangangalunya." Kaniyang ginawa ito. . . Ano ang pagpapatindi? Gawin itong mas malaki nang maraming beses. At kung sa ilalim ng kautusan ito'y labing-apat na henerasyon, gaano katagal ang aabutin ng gayun ding bagay ngayon?

22 At ang mga kabataang lalaki, at nasa kalagitnaang-gulang na mga kalalakihan, at may-asawang mga kalalakihan ay wala nang respeto sa kanilang sinumpaan sa kasal. Aba, sila'y kukuha lamang ng mga babae at makikipisan sa mga ito nang di-kasal kahit saan, at tulad lamang sa pangkaraniwang mga aso. Ang aso ay may higit pang respeto at higit na moral kaysa mayroon ang ibang tao. At alam ko na 'yan ay masyadong matapang, nguni't 'yan ang tama.

23 Bakit? At ang mga iglesya ay nagpapatuloy at walang sinasabi tungkol dito. Bakit? Sila'y kumikilos na tulad ng kanilang ina. Ang mga iglesya ay namamana ito. Dahil, ang iglesya at itong iglesyang Protestante ay lumabas mula sa iglesyang Katoliko, ang mga kasalanan ng iglesyang Katoliko ay dinadalaw sa mga Protestante. Tunay, ito nga, kaya ang palayok ay di matatawag ang takure na "marumi." Ito'y eksaktong totoo.

24 Ngayon ating nalaman, at sa Kasulatan, nasumpungan natin. . . At ako'y walang nakitang isa mang tala sa lamesa dito ngayong gabi. Sabi ko, "Ipakita sa akin ang isang lugar kung saan ang Dios ay nag-ordena kailanman ng isang denominasyon. Ipakita sa akin ang isang lugar kung saan ang Dios ay nag-ordena kailanman ng isang babaeng mangangaral. Ipakita sa akin ang isang lugar kung saan ang Dios ay nag-ordena kailanman ng pagwiwisik. Ipakita sa akin ang isang lugar kung saan ang Dios kailanman ay inordena ang pagbubuhos. Ipakita sa akin ang isang lugar kung saan ang Dios kailanman ay pinabautismuhan ang sinuman sa pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo.' Hanapin ang mga bagay na 'yon." At gayunpaman ating patuloy silang ginagawa. Ito'y sadyang naroon mismo sa iglesya.

25 Ngayon, sabi ko, “Ang ’yong paraan ng dahilan kung bakit di tayo maaaring maging Baptist, dahil tayo’y naniniwala sa pagbabautismo sa kanila sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Walang sinuman kailanman, sa Biblia, na nabautismuhan sa iba pang paraan. Ipakita sa akin ang isang lugar kung saan ang isang tao ay nabautismuhan sa pangalan ng ‘Ama, Anak, Espiritu Santo,’ aking itataas ang aking mga kamay at sasabihing ako’y isang bulaang propeta.

26 “At kung ang Biblia ay nagsasabi na kailangan kang ‘mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo,’ ibig sabihin kailangan mong gawin ito sa gayong paraan. Si Pablo ay iniutos sa kanila na magpabautismong muli. Kahit na paano man sila nabautismuhan, kailangan nilang lumapit, mabautismuhan muli. Sila ay binautismuhan ng siya ring taong nagbautismo kay Jesus Cristo; si Juan Bautista. Sabi n’ya, ‘Iyan ay hindi na maaaring gumana. Ikaw ay kailangang lumapit, mabautismuhan muli.’ At kanilang kailangang gawin ito bago nila natanggap ang Espiritu Santo. Ito ang programa ng Dios.”

27 Maaari akong magpakalalim pa nang bahagya kaysa d’yan, ngayong gabi. Bakit? Si Jesus ay tinutupad ang Kaniyang Salita. Kayo ba’y naniniwala diyan? Ngayon, halos lahat kayo ay narito kaninang umaga, nguni’t nais kong maglatag ng kaunti pa diyan.

28 Bakit si Pablo ay magkokomis-. . . iuutos iyon pagkatapos nitong maganap? Sabi ni Pablo, “Kahit isang Anghel pa mula sa Langit ang dumating at nangaral ng iba pang bagay, hayaang siya’y matakwil.”

29 Ngayon sasabihin n’yo, “Kami ay may bagong Liwanag tungkol dito.” Hindi, wala niyan kayo. Iyan ay kung ano ang dala-dala ng diablo sa paglapit kay Eba, isang kung anong bagong Liwanag. Hindi n’yo kailangan ng bagong Liwanag. Kailangan ninyong lumakad sa Liwanag na inilagay na ng Dios dito, ’yun lang.

30 Ngayon masdan ito, kung gaano kasimple. Nang sila’y bumaba mula sa Bundok ng Transpigurasyon, sabi ni Jesus, sa Kaniyang mga alagad, “Sino baga ang sinasabi ng tao na Ako na Anak ng tao nga?”

“Sabi ng isa, Ikaw si ‘Moises, o Elias, isa sa mga propeta.’”

Sabi Niya, “Sinong sinasabi n’yo?”

31 Sinabi n’ya, sinabi ni Pedro, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Dios.”

32 Sabi n’ya, “Mapalad ka, Simon, na anak ni Jonas; sapagka’t laman at dugo ay hindi ipinahayag ito sa iyo.” Kita n’yo, ito’y hindi nagmumula sa mga seminaryo. Ito’y hindi nagmumula sa mga denominasyon. “Laman at dugo ay hindi ipinahayag ito sa iyo. Hindi mo natutunan ito sa anumang paaralan ng teolohiya.

Nguni't ang Aking Ama, na nasa Langit, ang naghayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito Aking itatayo ang Aking Iglesya; at ang mga pintuan ng hades ay hindi mananaig laban dito," isang espirituwal na kapahayagan kung Sino Siya.

33 Pansinin, "At sinasabi Ko sa iyo na ikaw ay Pedro. At ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng Kaharian. At anuman ang iyong talian sa lupa, Aking tatalian sa Langit; anumang iyong kalagan sa lupa, Aking kakalagan sa Langit." Ngayon, kailangan Niyang tuparin ang Kaniyang Salita o Siya'y hindi Dios. Ngayon, at nang Kaniyang ginawa 'yan, ilang araw ang nakalipas; Siya ay napako sa krus, bumangon, umakyat patungo sa Langit, at binuksan ni Pedro ang Ebanghelyo sa Araw ng Pentecostes. Kaniya bang ginawa ito? Siya, tiyak, kaniyang ginawa nga. Ngayon masdan, nang kaniyang gustong . . .

34 Kanilang lahat na nilibak sila, sapagka't sila ay puspos ng Espiritu. Sila'y tinawag na "mga erehe, mga holy-roller," o parang katawagan na gaya niyan. At sila'y nagtawanan pa nga, at nagsabi, "Ang mga ito'y puno ng bagong alak."

35 At si Pedro na nakatindig sa gitna nila, ay nagtaas ng kaniyang tinig, at kanyang sinabi, "Mga kalalakihan at mga kapatiran, dinggin ang aking tinig. Pakinggan ang aking mga salita at makinig sa akin. Ito'y hindi mga lasing na katulad ng inaakala n'yo; ito'y ikatlong oras pa lamang ng araw. Nguni't ito yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel, 'At mangyayari sa huling mga araw, na Aking ibubuhos ang Aking Espiritu,' at kung ano ang Kaniyang gagawin sa Kaniyang mga anak na lalaki, at Kaniyang mga anak na babae, at sa Kaniyang mga lingkod na babae, at iba pa, sa ganoong araw."

36 At nang magpasimulang marinig nila ito, sila'y nasaktan sa kanilang mga puso. Sapagka't, kanilang narinig ang isang lalaki na hindi alam ang kaniyang ABAKADA, gayunpaman kanilang napansin sa kaniya, nalalamang mayroong Bagay sa loob n'ya, na pinag-aalab siya, ang Espiritu Santo. Patigilin siya? Aba, ito ay magiging parang pinagsusumikapang patayin ang isang apoy, sa isang tuyong gusali, sa isang araw na mahangin. Hindi ninyo magagawa ito. Siya ay puspos ng Espiritu Santo. At ano ang ginawa niya ngayon?

37 Sabi nila, "Buweno, mga kalalakihan at mga kapatiran, ano ang magagawa namin para maligtas?"

38 Ngayon masdan, Pedro, nasa iyo ang mga susi ng Kaharian. Kita n'yo?

39 Ngayon, nang si Jesus ay bumangon nang ikatlong araw, wala sa Kaniya ang mga susi sa Kaharian ng Langit. Alam n'yo ba 'yon? Sinabi Niya, "Nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at hades," nguni't hindi sa Kaharian, dahil sa sila'y naibigay na kay Pedro.

40 Ngayon sinabi Niya, "Pedro, anuman ang iyong kalagan sa lupa, Aking kakalagan ito sa Langit. Anumang iyong talian sa lupa, Aking tatalian ito sa Langit."

41 Ngayon narito siya'y nakatayong taglay ang mga susi, upang buksan ang pinagpalang bagay na ito sa sanlibutan. At narito nasa kaniya ang mga susi sa kaniyang kamay. At kanilang itinatanong, "Ano ang aming magagawa upang maligtas?" Ngayon, kahit ano pa ang sinabi ng apostol na gawin, ang Dios ay kinakailangang kilalanin ito sa Langit, kung Kaniyang binigyan siya ng ganoong kapangyarihan.

42 Ngayon sinabi ni Pedro, "Magsisi, bawa't isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo." Iyan ba'y tama? At 'yan ang dahilan na ang mga susi ay hindi bumukas sa Langit sa anumang ibang pangalan, anumang ibang paraan, anumang iba—anumang ibang anyo. Ito'y bumukas sa lupa, at ito'y bumukas sa Langit, o si Jesus ay hindi tinupad ang Kaniyang Salita kay Pedro. At bawa't lugar sa Biblia sila'y nabautismuhan, pagkatapos niyan, sila ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. At silang mga nabautismuhan bago niyan, ay kinailangang lumapit at mabautismuhan muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo, upang matanggap ang Espiritu Santo. 'Yan ang tama. Ito pa rin ay nagpapatuloy nang gayon.

43 Kaya, kung tayo'y nagtuturo ng bautismo sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," ito'y maling propesiya. Ngayon hindi ko nais na saktan kayo, nguni't kailangan kong idiin ito upang ang iglesyang ito ay malaman kung ano ito. Tayo'y hindi naririto na gaya ng isang bungkos ng mga walang alam na mga mangmang; ating nalalaman kung saan tayo nakatayo sa Salita ng Dios. Kita n'yo, alam natin. Aking hinahamon ang sinuman na ipakita sa akin ang isang lugar kung saan ang sinuman ay binautismuhan kailanman sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." Ngayon kayo ba ay makikinig sa maling propesiya o sa Katotohanan? Saliksikin ang Mga Kasulatan. Nasa sa inyo na 'yan.

44 Ipakita sa akin kung saan ang isang tao sa Biblia, kung saan ang isang iglesya kailanman ay naordenang maging isang denominasyon sa—sa Biblia. Ipakita sa akin sa Biblia kung saan sila kailanman ay nag-ordena ng isang babaeng mangangaral. Ipakita sa akin sa Biblia kung saan ang lahat ng mga bagay na ito, na ating pinag-uusapan, kailanman ay inordena sa Biblia. Sila'y wala diyan. Magsabi sa akin ng isang lugar. Magpunta kayo sa isang denominasyon. . .

45 Buweno, nang ang mga Methodist ay lumitaw, sila'y nangaral ng kabanalan. 'Yan ay mabuti. Nguni't, nang kanilang gawin iyan, sila'y gumawa ng isang denominasyon, at iyan ang

tumapos diyan. ’Yan ang dahilan na sinabi ng Biblia, “Ikaw ay may isang pangalan.”

Sinasabi mo, “Ako’y isang Cristiano.”

“Buweno, sa anong denominasyon ka nabibilang?”

46 Sinasabi mo, “Isang Methodist,” aba, ika’y isang patutot kung gayon. “Ako’y isang Baptist,” patutot. “Pentecostal,” ikaw ay isang patutot. Ikaw ay nabibilang sa iglesyang yaon.

47 Ikaw ay dapat na maibilang kay Cristo. Wala kang karapatan na sabihing, “Methodist,” “Baptist.” Kung ikaw ay isang Cristiano, ikaw ay Cristiano sa puso.

48 Bawa’t isa sa mga denominasyong iyon ay makapaglalabas ng mga anak, mga anak ng Dios, iya’y tama. Nguni’t kung iniisip mo na ika’y makaparoroon sa Langit dahil sa ikaw ay isang Methodist o Baptist, ika’y nagkakamali. At ’yan ang dahilang tayo’y nanatili sa labas ng bagay na ’yan.

Bakit hindi makita ng mga Baptist?

49 Aking tinanong ang isang lalaking Metodista dito, na nagsusulat ng isang tesis, sadyang isinulat ng matagal nang panahon. Sinabi niya, “Ang tanging bagay lamang na meron kami laban sa iyo, ikaw ay nakikisama sa mga Pentecostal.”

Sabi ko, “Sino ang ‘kami’?”

“Kami, mga Metodista.”

50 Sabi ko, “Buweno, sasabihin ko sa iyo kung anong aking gagawin. Ako’y darating sa inyong siyudad, at iyong hayaan na ang mga Metodista ang magtaguyod nito.”

“Oh,” sabi, “siyempre, hindi namin magagawa ’yan.”

51 Sabi ko, “Iyan na nga ba’ng naiisip ko. Ako’y nananatili sa mga Pentecostal dahil ang mga Pentecostal ay naniniwala dito. Iya’y tama. Sila’y nagtutulong-tulong dito. Sila ang siyang tumatanggap ng mga pakinabang mula rito.”

52 Ilan ang mga nakabasa doon sa artikulo sa *Life* na magasin, kailan lang, tungkol sa iglesyang Pentecostal? Ito’y isa sa mga pinakadakilang kababalaghan sa panahong ito. Sila ay may higit na maraming napasampalataya sa loob ng isang taon kaysa lahat ng iba pang mga iglesya na pinagsama-sama. Bakit? Kahit na sa kanilang mga kamalian, ang Dios ay pinalalago sila, sapagka’t sila’y sumampalataya sa Katotohanan at sumusulong kasama Nito. ’Yan ang Katotohanan.

53 Nguni’t ano ang ating ginagawa ngayon? Kita n’yo? ’Yan ang dahilan na hindi tayo denominasyon. At gaya ng katiyakan na ang Pentecostal ay nagdedenomina . . .

54 At nang mga nakalipas, nang ang Espiritu Santo ay unang ibinuhos sa iglesyang Pentecostal, apatnapung taon na ang nakararaan, at sila’y nagpasimulang magsalita ng iba’t ibang wika, isa sa mga kaloob. ’Yan ang pinakamaliit sa mga kaloob.

'Yan ang pinakamababa sa mga kaloob, ayon kay San Pablo, ay ang pagsasalita ng iba't ibang wika. At kagyat nang ito'y dumating, "Oh," sabi nila, "nasa amin na Ito ngayon," at sila'y gumawa ng isang denominasyon, ang Pangkalahatang Konseho, na siya ngayong Assemblies of God. "Oh, sinuman ay wala Nito maliban na ikaw ay magsalita ng iba't ibang wika," at ang Dios ay nagpatuloy lamang palayo mula sa kanila, at hinayaan silang mapirmi roon. Totoo. Opo, ginoo.

55 Sumunod na dumating ang Oneness, at nalaman ang bautismo sa Pangalan ni Jesus. Sabi nila, "Oh, nasa amin na Ito," sila'y nag-organisa. Ano ang ginawa nila? Ang Dios ay umalis mismo at iniwan silang nanatili roon.

Ito'y para sa, "Sinumang magnanais, hayaan siyang lumapit."

56 Kita n'yo, ang Oneness ay hindi makaparoon sa Assemblies. Ang Assemblies ay hindi makaparoon sa Oneness. Ako'y nakipag-usap sa ilan sa mga pinakamagaling na kalalakihang mayroon sila, G. Goss, at si Dr. Pope, at marami. Ang mga kalalakihan na mga dakilang tao sa . . . ako'y naupo kasama nila. Sabi ko, "Paano ninyo naituturo ang paunang ebidensiyang iyan, bilang isang iskolar?"

57 "Buweno," sabi, "Kapatid na Branham," ang isa, dalawa, o tatlo sa kanila, ay tunay na tapat, sabi, "alam naming 'yan ay mali, nguni't ano ang magagawa namin? Kung kami'y magsasalita ng anumang bagay tungkol dito ngayon, aba, ito'y makakasagabal sa kabuuan ng programa." Tiyak, at ika'y hindi na magiging obispo kailanman, o ang pangkalahatang tagapangasiwa. Ganiyan ang ideya.

58 Kapatid, mas nanaisin ko na magkaroon ako ng isang maliit na gawain sa isang sulok, o mangaral sa ilalim ng pine tree, at taglayin ang Katotohanan, talaga, at nalalaman na ika'y nagsasabi ng Katotohanan. Ang tao ay nagnanais ng Katotohanan. At ikaw ay obligado, bilang isang Cristiano, na dalhin ang ulat ng Katotohanan. Ang Dios ay papanagutin ka para dito.

59 Pagkatapos, sa mga bagay na ito, kung hindi ka pa nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, at hindi mo pa nagawa ang mga bagay na ito, at hindi mo pa natanggap ang Espiritu Santo . . .

60 Sasabihin mo, "Oh, ako'y nagsalita ng iba't ibang wika." Hindi ibig sabihin niyan na mayroon ka nang Espiritu Santo.

61 Ako ay nakakita na ng mga mangkukulam, mga salamangkero, mga demonyo, at lahat ng iba pa, na nagsalita ng iba't ibang wika. Talaga. Sila'y walang Espiritu Santo, at nalalaman n'yo iyan. Umiinom ng dugo mula sa isang bungo ng tao, at sumasayaw, at tinatawag ang diablo, at nagsasalita ng iba't ibang wika. Tunay. Sila'y walang Espiritu Santo.

62 Kaya, dahil sa ika'y nagsalita ng iba't ibang wika, hindi ibig sabihin na mayroon ka Nito. Ang tanging paraan na iyong malaman na nasa iyo Ito, kung ang iyong espiritu ay kasamang nagpapatunay ng Kaniyang Espiritu, at ang mga bunga ng Espiritu ay sumusunod sa iyo: pag-ibig, pananampalataya, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob. Diyan mo malalaman na mayroon ka nang Espiritu Santo. Ito'y nagpapatotoo sa sarili Nito mismo.

63 Ngayon, kung ika'y nagsisikap na sumandig sa, sapagka't ikaw ay kabilang sa Assemblies, o sa Baptist, o sa Presbyterian, nakikita mo kung ano ang ginagawa mo? Iyong kinukuha ang isang pangalan ng isang patutot. 'Yan ang eksaktong tama. Umalis sa bagay na iyan. Lumayo ka mula rito. Hindi ko ibig sabihing palabas mula sa iyong iglesya o anumang bagay; gawin mo kung ano ang nais mo patungkol sa bagay na iyan. Nguni't lumayo sa pagsandig sa, "Oh, ako'y Presbyterian. Kami ay hindi naniniwala sa mga panahon ng mga himala." Bakit hindi mo paniwalaan ito? Ang Biblia ay itinuturo ito. "Oh, ako'y kabilang sa Iglesya ni Cristo. Kanilang sinasabing ang mga panahon ng mga himala ay lumipas na." Sila'y mga bulaang propeta.

64 Aking maipapakita sa inyo kung saan si Jesus Cristo ay nagbigay ng Kapangyarihan sa Iglesya, upang magpagaling ng mga maysakit, at magpabangon ng mga patay, at magpalayas ng mga demonyo. Aking hinahamon ang sinumang tao na ipakita sa akin ang isang Kasulatan sa Biblia kung saan inalis Niya ito sa Iglesya. Anong nag-alis nito palayo? Ang inyong sariling katuruan, tama, hindi ang Salita ng Dios. Ang Espiritu Santo ay patuloy pa ring isinasagawa ang tungkulin, nagpapatuloy mismo na gayon pa rin, at Kaniyang ipagpapatuloy magpakailanman.

65 'Yan ay ang dahilan na hindi tayo isang denominasyon, "Mayroong anyo ng kabanalan, at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito; lumayo ka rin naman sa mga ito." Hindi tayo naniniwala sa mga ganoong bagay.

66 Ngayon, paano ito nagpasimula? Tayo'y kinakailangang magmadali at dumako dito sadyang sa lalong madaling panahon ngayon, kung paano ito nagpasimula. Ngayon tayo'y may napakaraming Mga Kasulatan na naisulat dito patungkol sa Espiritu Santo.

67 At isa pang bagay, kami ay gumawa ng isang paghamon kagabi, tungkol sa "ang pagtitiyaga ng mga banal," hindi sa paraan ng paniniwala ng mga Baptist. Hindi, po. Ako'y talagang hindi sang-ayon sa mga Baptist at sa kanilang kaisipan, sa kanilang pagpapaliwanag sa Calvinismo. Ako'y tunay na di sumasang-ayon sa mga Presbyterian. Ako'y hindi sumasang-ayon sa mga Methodist sa kanilang paraan sa doktrinang Arminian. Opo, ginoo. Nguni't sila ay kapuwa may taglay na

isang katotohanan, nguni't ika'y kailangan na maibalik ka *Dito* kung saan ito ang Katotohanan. Kapag ika'y tutungo sa banda roon, ikaw ay maliligaw kasama niyan. Tiyak.

68 Ang mga Baptist ay papasok, babautismuhan ang ilan rito, ng paglulubog; at ang mangangaral ay babautismuhan sila, ang siyam sa sampu ay maninigarilyo, babalik sa labas at tatayo roon, at maglalaro ng mga baraha, larong pandaraya buong magdamag, magliliwaliw, at di-matuwid na mga kasunduan sa negosyo; at ang lahat ng mga kababaihan ay nagsusuot ng syorts sa labas dito, pagala-gala sa mga kalsada, at pinuputulan ng maiksi ang kanilang mga buhok, at—at naninigarilyo at nagdadaldalan, at maliliit na tsismisang pagtitipon, at nagsasalita ng maruruming mga biro. At inyong tatawagin iyan na Cristianismo? At inaakala ninyong kayo ay mayroon ng Walang Hanggang siguridad? Kayo'y pupunta sa Impiyerno nang ganyan. Kayo'y hindi masisiyahan sa Langit sa anumang pamamaraan. Tiyak na hindi. 'Yan ay hindi Walang Hanggang siguridad.

Nguni't kung ang tao ay naipanganak nang muli sa Espiritu Santo . . .

69 At kayong Pentecostal, dahil kayo ay lumulukso nang pataas-at-pababa, nagsasalita ng iba't ibang wika, tumatakbo pabalik-balik sa pasilyo, hindi ibig sabihin niyan na mayroon na kayong Walang Hanggang siguridad. Huwag n'yo kailanmang ilalagay 'yan sa inyong kaisipan. Hindi, po. Ito'y tiyak na hindi gayon. Sapagka't, alam n'yo na ang inyong sariling—ang inyong sariling buhay ay nagpapatotoo sa inyo, nagtatala, na kayo'y hindi tama sa Dios. Iya'y tama. Kayo'y hindi tama. Iyan ay hindi Walang Hanggang siguridad, hindi pa.

70 Nguni't nais kong tanungin kayo ng isang bagay. Mayroon bang Walang Hanggang siguridad? Sinabi ng Biblia na ganoon nga. Ang Biblia ang nagsabi na ang ating mga pangalan ay inilagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa man magpasimula ang sanlibutan.

71 Katulad ng nasabi ko kaninang umaga, sasabihin kong muli. Ang taong sumulat ng awit na, "Mayroong isang bagong pangalan na isinulat sa Kaluwalhatian ngayong gabi, at ito'y sa akin," ang kaniyang kaisipan ay ayos lang, nguni't siya ay mali, ayon sa Kasulatan. Ang inyong pangalan ay hindi inilagay nang gabing kayo ay maligtas.

72 Ang inyong pangalan, sang-ayon sa Biblia, sang-ayon sa Apocalipsis 13, 17, at iba pa, "ay nailagay doon bago pa man nagpasimula ang sanlibutan; at si Jesus Cristo ay pinatay bago pa itatag ang sanlibutan."

73 Paanong ang Dios, na Siyang walang-katapusan; paanong ang isang walang-katapusang Dios, nalalaman ang katapusan mula nang pasimula, paano Niyang nagawang pahintulutan ang

kasalanan na dumating sa mundo, kung ito'y hindi dahil sa isang kadahilanan?

74 Upang pagtibayin lamang ngayon ang ilang mga bagay na ating nasabi. Ano ang nauna, ang Tagapagligtas o ang isang makasalanan? [May isang nagsasabi sa kongregasyon na, "Tagapagligtas."—Pat.] Tagapagligtas, tiyak. Alin ang mas makapangyarihan, ang isang Tagapagligtas o isang makasalanan? Kung ang isang Tagapagligtas ay makapag-aalis ng kasalanan, Siya ay higit na makapangyarihan. Buweno, bakit Niya hinayaan na mangyari ang kasalanan sa pasimula pa lamang? Upang ipakita na Siya ay isang Tagapagligtas. Ano ang pinakamakapangyarihan, isang tagapagpagaling o isang karamdaman? ["Isang tagapagpagaling."] Isang tagapagpagaling. Kung ganoon bakit Niya pinahintulutang dumating ang karamdaman? Upang ipakita na Siya ay isang tagapagpagaling. Ako'y nakakaramdam ng pagiging relihiyoso ngayon mismo. Opo, ginoo. Oh, naku! 'Yan ang Kaniyang mga katangian.

75 Kaya nga Kaniyang pinahihintulutan na dumating ang kagulumihanan. Kaya nga Kaniyang pinahihintulutan na dumating ang kalungkutan, upang ipakita na Siya ay kagalakan. Tiyak, 'yan nga. Kaya nga meron tayong gabi, upang patunayan na mayroong araw. Kaya nga meron tayong init ng ulo, upang ipakita na may kapayapaan. Tiyak, ito'y paayon at pasalungat. Oh, Siya ay kamangha-mangha.

76 Ngayon, paano ito nagpasimula? Tayo'y dadako kaagad dito, sadyang sa lalong madaling panahon na magagawa natin, upang hindi ko kayo patagalin nang magdamag. Ngayon, mayroong dapat pasimula ng lahat ng mga bagay.

77 At nais kong tanungin sa inyo ang isang bagay. Ngayon ito'y maaaring. . . Inyo lamang ilagay ito sa bulsa ng inyong tsaleko. Hindi ninyo kailangang isama ito sa mga karaniwang putahe. Nguni't makinig dito.

78 Kung kayo ay Walang Hanggang nilalang, kung gayon kayo ay hindi kailanman nagkaroon ng pasimula, o kailanma'y hindi magkakaroon ng katapusan. Dahil, ang *Walang Hanggan* ay nagmula sa salitang "na walang pasimula o walang katapusan."

79 Hindi ba n'yo naaalala ito? Sabi ko, kaninang umaga, na kung paano na si Melquisedec, nang kaniyang salubungin si Abraham na dumarating mula sa paglipol sa mga hari. At sinabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 7, na—na, "si Levi ay nagbayad ng ikasampung bahagi kay Melquisedec, nang siya ay nasa mga balakang ng kaniyang amang si Abraham." Si Abraham ay naging anak si Isaac; si Isaac ay naging anak si Jacob; si Jacob ay naging anak si Levi. Iyan ay ama, lolo, at lolo-sa-tuhod. At habang si Levi ay nasa mga balakang ng kaniyang lolo-sa-tuhod, ang Biblia ay nagbigay sa kaniya ng kapurihan sa

pagbabayad ng ikapu kay Melquisedec. Pag-usapan ang tungkol sa Walang Hanggan! Naku, naku! Hindi niya kailanman sinabi, "Kaniyang ginawa ito sa anino; kaniyang potensiyal na ginawa ito." Ang Biblia ang nagsabi, "Siya'y nagbayad ng ikasampung bahagi." Amen.

80 Kung gayon, kung tayo'y nagmula sa tamang binhi, nang si Pablo ay nangaral ng Ebanghelyo ako noon ay naroon at ikaw noon ay naroon. Tayo'y magtutungo diyan, sa ilang sandali, tuloy-tuloy sa ating mga pandinig. Pansinin, 'yan ay kung ano ang mga pag-aangkin ng Kasulatan, sa atin, kahit pabalik pa doon.

81 Isipin lamang! Si Levi; pagkatapos si Jacob, ang kaniyang ama; pagkatapos si Isaac, ang kaniyang ama; pagkatapos si Abraham, ang kaniyang ama; ang kaniyang lolo-sa-tuhod. Nang si Levi ay nasa mga balakang ng kaniyang lolo-sa-tuhod, siya ay nagbayad ng ikapu kay Melquisedec.

82 Nais kong tanungin kayo. Sino ito, Job 27. . .38, nang sabihin Niya, "Saan ka nandoon nang ilagay Ko ang mga patibayan ng lupa? Nang ang mga bituin pang-umaga ay nagsiawit nang magkakasama, at ang mga anak ng Dios ay nangaghiyawan sa kagalakan?" Sino ang mga anak ng Dios na iyon na naghihiyawan sa kagalakan? Si Jesus ay sinabi sa kanila, na, "Ako'y nagalak nang kasama ninyo bago pa naitatag ang sanlibutan." Tayo'y hindi mga nilalang na sakop ng oras. Tayo'y mga nilalang na sakop ng Walang Hanggan.

83 "Walang taong makalalapit sa Akin, maliban nang ang Aking Ama ay magdala sa kaniya. At lahat ng lumalapit sa Akin, bibigyan Ko sila ng Walang Hanggang Buhay, at babangunin siya sa huling mga araw. Walang sinuman na makaaagaw sa kanila mula sa kamay ng Aking Ama, na Siyang nagbigay sa kanila sa Akin." Paano ka pa mawawalay?

84 Kita mo, ika'y natatakot. Ika'y nangangamba. Ika'y tatakbong paikot dito. At 'yan ay isa sa mga pinakamainam na mga katibayan, sa mundo, wala ka pang nararating. Iya'y tama. Paano ka maililigtas ng Dios kung Siya . . .

85 Ilan sa iglesyang ito ang magtataas ng inyong mga kamay, at sasampalataya na ang Dios ay walang-katapusan? Alam n'yo ba ang ibig sabihin ng salitang *walang-katapusan*? Iyan ay sadyang sakdal. Walang-katapusan, hindi n'yo—hindi n'yo maipapaliwanag ang salitang *walang-katapusan*.

86 Nagawa n'yo na bang kunin ang inyong kamera at iniayos ito sa walang-katapusan? Aba, ibig sabihin lamang nito ay mula pagkatapos niyaon. Buweno. Wala nang paraan para maipokus pa ito.

87 Buweno, 'yan ay kung ano ang Dios. Siya ay walang-katapusan. At kung Siya'y walang-katapusan, walang maaaring isa mang uwang, walang isang langaw, walang isang pulgas,

walang isang kuto, walang isang kagaw, o walang anuman na noon pa ma'y nasa lupa, o magkakaroon pa man, kundi alam na ng Dios bago pa ang mundo ay inanyuan. Hayan ang isang pagkaunawa sa kawalang-katapusan.

88 Buweno, samakatuwid, ang walang-katapusang Dios na Siyang nagligtas sa iyo rito, nalalamang Kaniyang maiwawala ka sa susunod na linggo, o sa susunod na buwan, o sa susunod na taon, aba, Kaniyang pinawawalang-saysay ang pinakalayunin. Hindi Niya magagawang iwala ka. "Siyang dumirinig sa Aking Mga Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan at hindi na kailanman mapapasok sa Paghatol, kundi tapos nang lumipat mula sa kamatayan tungo sa Buhay." Hindi magaganap ito. Hindi ka na . . .

89 "Siya na ipinanganak ng Dios ay hindi na nagkakasala; dahil ang binhi ng Dios ay nananahan sa kaniya, at siya ay hindi maaaring magkasala." Paano siya magkakasala kung mayroong handog sa kasalanan para sa kaniya?

90 Paanong ako'y may sakit kung ako'y nasa ganap na kalusugan? Paanong ako'y bulag kung ako'y nakakakita? Oh, naku! Paanong ako'y nasa loob ng gusali at nasa labas ng gusali nang sabay? Paanong ako'y lasing at hindi lasing nang sabay? Hindi mo magagawa ito.

91 At kapag ika'y naligtas na, ika'y nasa ilalim ng Katubusan, at ang iyong mga kasalanan ay hindi na ibinibilang sa iyo. Hindi ba si David ay nagsabi, "Mapalad ang tao na hindi ipararatang ng Dios ang kasalanan, at ibibilang ang kasalanan sa kaniya"? Ang Dios ay hindi ibinibilang ang kasalanan laban sa Kaniyang nilikha. 'Yan ay matindi. 'Yan ay hindi gatas. Nguni't 'yan ang Biblia. Ang Dios ay hindi ibibilang ang kasalanan sa mga matuwid.

92 "Ang Dios," sa Kaniyang biyaya, sa pamamagitan ng pagtatalaga, "hindi ibig na ang sinuman ay mapahamak, kundi lahat ay magsipagsisi." Nguni't bilang walang-katapusan, at nalalaman kung sino ang lalapit at hindi lalapit, Kaniyang magagawang italaga ang lahat ng bagay upang gumawa para sa Kaniyang kalooban. Kung hindi Niya ginawa ito, bakit Niya ipinahintulot ang kasalanan sa pasimula pa lamang? Nang Siya ay Tagapagligtas . . . Kung kailanma'y walang naging makasalanan, hindi na sana Siya naging isang Tagapagligtas; ang katangian, kung ano ang nasa Kaniya, ay hindi pwedeng maalis.

93 Paano Siya naging isang tagapagpagaling? Paano Siya naging isang tagapagpagaling? Sapagka't pinahintulutan Niya ang mga karamdaman na dumating, upang ipakita Niya na Siya ay isang Tagapagpagaling. Siya ay isang Tagapagpagaling. Paano ka kailanman magiging . . . Paano Siya kailanman

makikilala? Paano kailanman makagagawa ang Kaniyang katangian? Paano Siya magiging isang Tagapagpagaling, kung hindi nagkaroon kailanman ng karamdaman? Kaniyang kailangang pahintulutan ang karamdaman.

94 Hindi nakapagtataka, sinabi ni Pablo, sa Roma 8. "Mangmang na tao, sinong makapagsasabi sa—sa magpapalayok kung ano ang gagawin tungkol dito; sino, kapag ang putik ay bumangon at nagsabing, 'Bakit ginawa, mo, ako na ganito?' Hindi ba Kaniyang ibinangon si Faraon sa gayon ding layunin, upang Kaniyang maipakita ang Kaniyang kaluwalhatian doon sa Ehipto? Kaniyang pinagmamatigas sinuman na ibig Niya, at pinawawalang-sala ang sinuman na ibig Niya. Ito'y hindi siya na may ibig, o siya na tumatakbo, kundi ito'y ang Dios na naaawa."

95 Kaya, wala kang anumang kinalaman dito. Wala kang isang bagay na gagawin. Kung ito'y biyaya, kung ito'y libreng kaloob, wala ni isang bagay kang magagawa tungkol dito. Ang Dios ay ibinigay ito sa iyo, at 'yan ang kalooban ng Dios. 'Yan ang bagay na itinalaga ng Dios sa iyo.

96 Ang Biblia ay nagsabi na tayo ay "itinalaga na mga anak ng pagkukupkop, mga anak ng Dios, bago itatag ang sanlibutan." Kung gayon, nang patayin ng Dios ang Cordero, sa Kaniyang Sariling kaisipan, bago pa itatag ang sanlibutan, upang patunayan ang Kaniyang mga katangian, kung ano Siya; nang ang Cordero ay pinatay, tayo ay pinatay na kasama Nito. Nang ang Dugo ng Cordero ay mabubo sa Kanyang Sariling kaisipan, pabalik doon bago pa itatag ang sanlibutan, ang akin at ang inyong mga pangalan ay naisulat na noon sa Aklat, lahat sa Kaniyang dakilang kaisipan.

97 Siya ay walang-katapusan. Kung hindi Niya ginawa, bakit Niya ipinahintulot ito? Alin ang pinakamalakas, (nasabi ko), ang isang Tagapagligtas o isang makasalanan? Alin ang mas malakas? Kung gayon, ang mas malakas ay kinakailangang pahintulutan ang mas mahina, at ginagawa Niya lamang ito para sa Kaniyang kaluwalhatian. Nang Kaniyang likhain si Lucifer, alam Niya na siya ang magiging diablo. Kaniyang hinayaan ito na dumating doon upang ipakita na Siya ang Tagapagligtas, ang Cristo. Kaniyang hinayaang mangyari ito sa gayong paraan.

98 Ngayon, hindi ba sinasabi ng Biblia, na, "Ang lahat ng bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti nilang nagsisiibig sa Dios"? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Kung ganoon ano ang ikinatatakot n'yo?

Tayo'y tumayo at gumawa,
Na may puso sa anumang alitan.

’Wag tumulad sa hangal na hinihilang mga baka, kailangan pang pagmakaawaan at hikayatin!
At maging isang bayani!

99 Gusto ko iyan. Tumayo ka! Isang munting tula na malaki ang naitulong noon sa akin nang ako’y bata pa, parang ganito ang pagkasabi.

Mayroong isang maharlikang Romano,
Noong panahon ng Emperador ng mga Romano;
Na nakarinig ng isang duwag na manghuhula,
Sa harapan ng Kastilyo ay nagsalita:

“Oh, ligtas sa ganiyang isang malaking puno,
Walang sinumang makapagyuyugyog nito.”
“Oh, hindi,” sabi ng bayani,
“Ako’y hahanap ng paraan o gagawin ito.”

100 Hayan kayo. Iya’y tama. Kung ang Bibliang ito ay itinuturo na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. . . Hindi madaling bagay nang ako’y humakbang palabas ng tabernakulong ito nang araw na iyon, at bawa’t isa ay nagsasabi sa aking *ito* ay magaganap, at *iyon* ay magaganap. “Ikaw ay ibibilang na panatiko, mabibilanggo, at lahat ng asosasyong pangmedisina ay magiging laban sa ’yo.” Nguni’t ang Dios ay nagsabing gawin ito. Ang Biblia ay nagsabing Siya nga. At ngayon isang rebaybal na apoy ang nagniningas sa bawa’t bansa sa silong ng Langit. Bakit? Manindigan dito!

Paano mo hinaharap ang iyong gawain sa bawa’t araw?
Ikaw ba’y natatakot sa tungkuling nasusumpungan?
Ikaw ba’y makatatayong matuwid sa gawaing nasa harapan?
Ikaw ba’y may pagod at walang laman na kaisipan? (Ayaw ko sa bagay na ’yan.)

O ikaw ba’y tumatayong matuwid sa gawaing nasa harapan,
O ang takot ba ang siyang nananaig dito?
Kung ganoon, harapin ang susunod na makita mo,
Na iniisip na magagawa mo ito.

101 Manatiling kasama ito. Tiyak. Gawing layunin sa iyong puso, katulad ni Daniel. Manatiling nasa Dios.

102 “Saan nangyari ang lahat ng ito? Paano ito naganap? Anong nagpapaging ganiyan sa mga tao? Bakit tayo nahahanda nang mawasak? Kapatid na Branham, ipaliwanag sa akin. Anong dahilan na iyong ipinapalagay na ang buong bagay na ito ay

kailangang mabura?" Ito'y nabura nang minsan noon, (iyan ba ay tama?) sa paggunaw sa pamamagitan ng baha. Ngayon narito ang ilang malalalim na mga bagay. At tayo'y maghahanda nang bumasa.

103 Ngayon nais kong kayo'y makipagbukas sa akin ngayon, doon sa Aklat ng Genesis, sa ika-3 kabanata. Kung nais n'yong malaman ang anumang bagay, aking maipapakita sa inyo dito sa Aklat ng Genesis kung saan bawa't kulto at bawa't ismo, at bawa't bagay na meron tayo mismo ngayon, ay nagsimula sa Genesis. Ilan ang nakakaalam na ang ibig sabihin ng *Genesis* ay "ang pasimula"? Totoo.

104 Ating nakita na ang iglesya Katolika sa pasimula, Babilonia, si Nimrod na nagtatag; ating nasusumpungan ito sa gitna ng Biblia, nasusumpungan natin ito sa hulihan ng Biblia; ating nasumpungan, sinusubukang magpasok ng mga babaeng mangangaral, sa pasimula ng Biblia, sa pagsamba sa maliliit na estatwa na ginawa mula sa mga ugat. Ilan na ba ang nakabasa ng kay Hislop na, *Two Babylons*, ang kasaysayan? Buweno. Alamin, sa mga kasaysayang ito. Sila'y may isang babae. . . At pagkatapos naaalala ba ninyo, kahit si Jacob ay ninakaw ang mga dios-diosan ng kaniyang ama, at ang anak na babae nito ay itinago sila sa ilalim niya at dinala sila doon sa ilang, na nagpadungis sa kampo, pagkatapos noon. Buweno.

105 Tayo'y bumasa rito ngayon sa Genesis.

> *Ang ahas nga ay lalong tuso kaysa alinman sa mga hayop sa parang na nilikha ng* P*ANGINOONG* *Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay nga ba,* na *sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punongkahoy sa halamanan?*
>
> *. . .sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punongkahoy sa halamanan ay makakakain kami:*
>
> *Datapuwa't sa bunga ng punongkahoy. . .nasa gitna ng halamanan,* ay *sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag* ninyong *hihipuin, baka* kayo'y *mamatay.*
>
> *At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:*
>
> *Sapagka't talastas* nga *ng Dios na sa araw* na kayo'y *kumain niyaon, ay madidilat nga ang inyong mga mata,* (kita n'yo, naghahanap ng bagong Liwanag)*, at kayo'y magiging parang mga dios, na nakakikilala ng mabuti at masama.*

106 Kita n'yo kung paano ang mga taong ito ngayon, sinusubukang bumawas mula sa Biblia? "Bakit, di ba magkasindali lang ang magbuhos, o magwisik, o sa *ganitong*

paraan, o *ganoong* paraan?" Hindi, po. Ang Dios ay naglatag ng isang programa, at 'yan ang dapat nating sundin, *Ito*.

> *At nang makita ng babae na ang bunga ng punongkahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa* mata*, at kahoy na* magagawa. . .*na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng* mga bunga *niyaon, at kinain, at binigyan din niya* ang *kanyang asawa kasama niya; at ito'y kumain.*
>
> *At nadilat kapwa ang* kanilang *mga mata, at kanilang nakilala. . .sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos na magkasama, at* kanilang *ginawang panapi.*

107 Nais kong huminto rito nang ilang minuto. Ngayon, mayroong dapat pasimula sa lahat ng mga bagay. Ikaw ay nagkaroon ng pasimula. Ngayon tayo. . .Dito ay kung saan nais kong ibatay ang kabuuang bagay, ngayon, ating napag-usapan nitong huling dalawang pagtitipon, at hanggang dito.

108 Ngayon, kaninang umaga tayo'y bumalik at isinadula, sa Biblia, na nang ang Dios ay nililikha ang mundo, na nang binubuo Niya ang mga gas; at pagkatapos silang mga gas ay naging calcium, at potash, at—at iba't ibang mga bagay. Kaniyang ginagawa ang iyong katawan. Kaniyang binabalangkas ang gusali, katulad ng isang bihasa na tagapagtayo ng gusali, katulad ng kontratista na inilalatag ang kaniyang materyales upang magtayo ng isang proyektong pabahay. Kaniyang ginagawa ang iyong katawan, at inilatag Niya ito doon. Kaniyang nalalamang ganap, sa Kaniyang kaisipan, kung anong kahahantungan.

109 Ang kamay na *ito*, ang Dios ay ginawa ang kamay na iyan bago Siya. . .habang ginagawa Niya ang sanlibutan; nguni't, ang aking espiritu ay ginawa Niya bago pa nagkaroon ng sanlibutan. Ngayon, pero ang kamay na ito at katawan na ito, Kaniyang ginawa nang gawin Niya ang sanlibutan, pagka't ang katawang ito ay nagmula sa lupa, at babalik sa lupa. Ang Dios ay ginawa iyan. Kaniyang inilatag ito lahat sa Kaniyang dakilang plano at Kaniyang programa.

110 Ngayon, nang Kaniyang pasimulang gawin ang lupa, ginawa Niya ang tao, at ang tao ay hindi sadyang matuwid sa paningin. Ngayon ating natalakay iyan, kaninang umaga, isinadula, kung paano ang—ang Ama ay bumaba at minasdan ang Kaniyang anak na lalaki, ginawa ayon sa Kaniyang larawan, at iba pa. Pagkatapos Kaniyang ginawan siya ng isang kabiyak na babae, isang katuwang.

111 Ngayon, alalahanin, na, lahat ng mga nilalang ng lupa, si Adan ang nagpangalan sa kanila.

112 Kaniyang ginawa ang—ang mga kawan ng baka, at ang mga hayop, at lahat ng bagay. At ngayon, tayo. . .Ang mga

kronolohista at—at iba't ibang dakilang mga kaisipan ng siyensiya, ay matagal nang nagsusumikap, sa loob ng anim na libong taon, upang hanapin ang nawawalang nag-uugnay, kung bakit ang hayop na 'yan. . .Ang tao ay buhay ng hayop. Ating nalalaman 'yon, na tayo'y ginawa . . .

113 At ang isang babae ay bahagi lamang ng isang lalaki, isang dagdag na bunga. Ang isang babae ay wala sa orihinal na paglalang. Ang Dios ay tumigil na sa paglikha ng maraming taon, at mga taon at mga taon, hanggang sa ginawa Niya ang babae mula sa isang tadyang sa kaniyang tagiliran. Si Adan ay natapos nang bigyang-pangalan ang lahat ng nilikha, lahat ng iba pang mga bagay, nguni't siya ay wala pa para sa kaniyang sarili. Kaya, Kaniyang ginawan siya ng isang katuwang; kinuha ang tadyang mula sa kaniyang tagiliran, isinara ang hiwa, at gumawa ng isang katuwang para sa kaniya. At ang tao, sa kanyang espiritu, ay kapuwa lalaki at babae.

114 At ang isang babae ay bahagi lamang ng isang lalaki. At kapag ang isang lalaki ay kukuha para sa kaniyang sarili ng isang asawang babae, at kung siya ay tamang asawang babae sa kaniya, isang ibinigay ng Dios na asawang babae, siya'y sadyang magiging sa kaniya'y bahagi niya.

115 'Yan ang dahilan na kayo'y napakaraming pagdududa sa pag-aasawa, ay dahil sa ika'y lalabas at makikipagkita sa isang kabataang babae na may magandang kayumangging mga mata o bughaw na mga mata, o tulad ng bagay na 'yan, at may magandang pigura, at mahuhulog ka sa kaniya. Unang pagkakataon na siya'y nagkaroon ng kaniyang unang anak, silang mga ngipin ay nauubos, at siya'y kumukulubot at tumatanda, at pagkatapos gusto mo na siyang ipagtabuyan. At ilan sa inyong mga kababaihan ay makakakita ng isang kabataang lalaki na ang kaniyang buhok ay pinakintab, at ang mantika ng kaniyang nanay ay nailagay ang kalahati rito, at kulot-kulot. At lahat nito'y malalagas; alam ko 'yan sa pamamagitan ng karanasan. Nguni't ano ang nangyayari? Ano ito? Ikaw ay nahuhulog para sa ganyan.

116 Ikaw ay kailangang manalangin, muna, pagka't ang babae ay bahagi mo. At kapag iyong niyakap ang isang babae sa iyong dibdib, at kinuha siya para maging iyong asawa, at ikaw . . . Siya ay gagawa ng tatak sa iyo. Sasabihin natin nang paganito upang iyong maunawaan. At sinumang ibang babaeng nakasandal sa dibdib na 'yan ay hindi aakma sa tatak na 'yan. At ang Dios ay papanagutin ka para rito. At iyo lamang tandaan iyan.

117 Ikaw na isinasama ang asawang babae ng iba na lumabas at. . .Aking narinig sa araw na ito tungkol sa isang munting kabataang babae rito sa bayan, isang kaawa-awang nilalang. Kilala ko siya. At may kung sinong sugarol na ibinibili siya ng mamahaling mga damit, at mga bagay-bagay, at

sinusubukang makipaglaro sa kaniya nang paganyan. Ang isang daga, na gagawa ng isang bagay na ganyan, ay hindi man lang maituturing na isang tao.

118 Alam n'yo, ang isang aso ay hindi ganyan kababa, at gayon ma'y tinatawag n'yo ang isang inang aso na isang "mahalay." Siya ay may higit pang moral kaysa kalahati ng mga kababaihan na mayroon ang Jeffersonville. At inyong tinatawag ang isang matandang inang baboy na "inahing baboy," at siya'y hindi . . . Siya'y may higit pang moral kaysa sa mga kababaihan nitong Estados Unidos, marami sa kanila. 'Yan ay tamang-tama. Ngayon, alam kong iyan ay deretsahan. At sinabi ko sa inyo na aking ipapaliwanag ito nang diinan, at nais kong malaman n'yo ito. At 'yan ay totoo. Silang lahat, mga babae sa ngayon, hindi man lang alam kung ano ang moral. Sabi, "Hindi nasasaktan ang aking konsiyensiya." Buweno, ikaw ay wala kahit kaunti niyan. Pansinin. Opo, ginoo. Bagaman, alam mo ang tama at mali.

119 Ngayon pansinin. Ang taong ito, nang siya'y nilikha, ihiniwalay ng Dios ang kaniyang espiritu. At Siya'y kumuha ng isang piraso sa lalaki, sa kaniyang tagiliran, at gumawa ng isang babae mula rito. At pagkatapos Kaniyang kinuha ang pambabae, mahinhing espiritu ng lalaki, at gumawa ng isang babae mula rito. At Kaniyang ginawa ang lalaki, na malakas, matipuno.

120 At pag iyong nakita ang isa—isa—isang lalaki na medyo . . . alam n'yo, nagmamanikyur, o anuman ang tawag ninyo rito, ng kaniyang mga kuko sa kamay; at, alam n'yo, apat sa isang tabi at lima sa kabila, at—at pinakikintab ang kaniyang buhok pababa; na ibinubuka nang matagal ang kaniyang bibig sa harap, at mga bagay na tulad niyan; isa sa mga magagandang lalaking ito. Iyo lamang tandaan, kapatid na babae, may kung anong mali sa ibon na 'yan. May kung anong mali. Mas mabuting bantayan mo siya.

121 At pag iyong nakita ang isang babae na may sigarilyo sa gilid ng kaniyang bibig, nakasuot ng isang pares na overalls, at nagsasabi, "Sasabihin ko sa 'yo, kasama, kung ano ito!" Kapatid na lalaki, bantayan mo ang babaeng 'yan. Mayroong bagay na mali sa kaniya.

122 Ang babae, dapat na maging isang babae, at siya ay dapat na manamit tulad ng isang babae. Nang ang Dios ay likhain ang isang lalaki, Kaniyang ginawa itong isang bagay; at ginawa Niya ang isang babae na iba pang bagay. At kapag ang Dios ay dinadamitan ang isang lalaki, Kaniyang dinamitan siya sa isang paraan, at ang babae sa ibang paraan. At sinabi ng Biblia, "Ito'y karumaldumal para sa isang babae ang magsuot ng damit na nauukol sa isang lalaki."

123 At kayong mga babae, nagsusuot nitong mga mumunting lumang pantalon at kung anu-ano, at isinusuot sila sa labas dito, mga mumunting lumang . . . Ano itong itinatawag ninyo sa

kanila, knickerbocker? Ano 'yung kanilang. . .? Oh, ano 'yung kung ano na 'yon na kanilang. . .? Hindi, hindi, ito'y hindi syorts, ito 'yung isa pa, na merong mga pangmahabang binti. [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Pedal pushers."—Pat.] Pedal pushers, at overalls, dungarees.

Papasok, sabi, "Ito'y para sa mga binibini."

124 Sabi ko, "Hindi, ika'y nagkakamali. Ang mga mabibining babae ay hindi nagsusuot ng ganyang mga bagay. Maaaring ang mga babae, nguni't hindi ang mga mabibining babae." Iya'y tama.

125 Sabi sa Biblia, "Ito'y isang karumaldumal para sa isang babae na magsuot ng isang kasuotan. . .at sa isang lalaki na magsuot ng isang kasuotan na para sa isang babae."

126 At ang lalaki ay nagiging lalong binabae, bawa't araw, at ang mga babae ay nagiging mas parang lalake. Anong nangyayari? Ating malalaman sa ilang minuto, sa pamamagitan ng Biblia. Ang mga kababaihan ay hindi na mga babae. Hindi ko tinutukoy kayong mga Cristianong kababaihan. Ako'y nangungusap tungkol sa kabuuang takbo. Gusto nilang kumilos tulad ng lalaki; gustong putulin ang kanilang buhok tulad ng lalaki; ilagay ang kanilang kamay sa isang baras pataas, tulad *niyan*, at umawit ng *God Bless America*, na may sigarilyo sa gilid ng kanilang bibig.

127 Paroroon sa kalye, doon sa labas gaya niyan, at mismo doon sa pangunahing kalsada. Aming binilang. . .May nais akong sabihin sa inyo. At kayong mga nagmamaneho na mga babae, makinig. Si Billy Paul at ako, nitong huling kampanya sa palibot ng bansa, anim na buwan, ako'y nagtala kung ilan ang nag-aalanganin sa daan. At mula sa tatlong daang aksidente, sa daan, hulaan kung ilan sa kanila ay babaeng nagmamaneho? Mayroon lamang kulang. . . Labing-siyam sa kanila ay lalaki. At dalawang daan at walumpu o, sa palagay ko ito'y, dalawang daan at walumpu't isa ay mga babaeng nagmamaneho. Mga babaeng nagmamaneho! Ngayon, hindi ko sinasabi na walang magaling na babaeng nagmamaneho. Nguni't siya'y liliko kahit saan.

128 At subukan mo lamang na balikan siya? Ipagpalagay siyang parang medyo maganda, nakatayo roon, at hinahawi pataas ang buhok pag may isang pulis na lumapit. "Aba," sasabihin niya, "totoong, ika'y nasa mali!" Tayo'y walang batas.

129 Kanilang napatunayan 'yan noong nakaraang araw sa isang usapin sa buwis na akin lamang pinagdaanan. Tayo'y walang mga batas. Kung mayroong. . .

130 Hindi nakapagtataka na ang dakilang mga pinuno ng Inglatera ay nagsabi, "Ang demokrasya ay puro paglalayag at walang angkla." Iya'y tama, tatayo sa isang entablado sa isang kanto, nangangampanya. Ang demokrasya ay bulok, at gayun din ang mga diktador at lahat ng iba pa nito. Ang kabuuang

bagay ay bulok. Wala na kundi isang bagay ang maaaring gawin ng Dios, ay ang sirain ang buong bagay, tulad ng sinabi Niya na Kaniyang gagawin, at magsisimula nang panibago. Ngayon masdan kung gaano na kayo kalapit sa Pagdating.

131 Ngayon nang ang babaeng ito. . . Kaniyang iginawa siya ng isang katuwang, at siya ay magiging katuwang niya. At pagkatapos . . .

132 Ngayon, dito, wala pa akong mangangaral na napasang-ayon dito. At kanilang sinisikap na gawin ito sa ibang paraan, nguni't gayunpaman hindi ko makita ang pinupunto nito. Kanilang ipinagpipilitang sabihin na sina Adan at Eba ay kumain ng ilang mansanas. Kapatid, kung. . . Hindi ko sinasabi ito para sa isang biro ngayon, pero gusto kong sabihin ito. Dahil, kung ang pagkain ng mansanas ay makapagpapaunawa sa mga kababaihan na sila ay nakahubad, mabuting ibigay nating muli ang mga mansanas. At alam n'yo na iya'y tama.

133 Alam n'yo, ang pagkain ng mansanas, hindi iyan ang kanilang ginawa, nagpaunawa sa kanila na sila ay hubad. Tiyak, hindi ito gayon. Ito'y kailangang dumating sa seksuwal. Ito'y mangyaring gayon nga, pagka't kanilang napag-unawa na sila'y hubad nang kanilang kanin itong ipinagbabawal na bunga. Hindi ba't ang babae ay isang punong namumunga? Hindi ba't kayo'y bunga ng inyong ina? Iyan ang bunga na ipinagbawal na kainin.

134 Ngayon narito ang isang dakilang bagay. Ngayon ang pinakamalapit na naabot ng kaalaman ng siyensya kung ano ang tao ay. . . Sila'y naghuhukay ng mga sinaunang buto, sila'y kumukuha ng mga sinaunang labi, at kinukuha nila ang mga ulo, at kinukuha nila ang mga bungo, at mga braso, at mga buto, at sinisikap na gawin itong mukhang isang tao. At alam nila na ang pinakamalapit na bagay na kanilang nakita sa paghahanap sa tao, kasunod nito, ay isang chimpanzee. Siya ang pinakamalapit na uri ng nilalang sa isang tao; nguni't gayunpaman ito'y walang anuman sa isang tao, ang pinakamataas.

135 Ang pinakamababang uri ng buhay na mayroon ay ang palaka; ang pinakamataas na uri ay ang tao. Ang Dios ay nagpasimula sa baba at gumawa pataas, hanggang paabutin Niya ito mismo sa Kaniyang wangis. Dinala ito sa mga ibon at mga hayop, at pataas, hanggang sa Kaniyang marating ang larawan ng Dios. Kaniyang ginawa ang tao sa ganyang larawan. Iyan ang pinakamataas na uri. Ang pinakamababang uri ay isa lamang butete na naging isang palaka, at iba pa.

136 Ngayon, itong nawawalang nag-ugnay, na hindi nila makita. Masdan ang Kasulatan ngayon. Kayo, kayo'y di sasang-ayon dito, marami sa inyo, nguni't nais kong. . . nais ko lamang na pakatandaan n'yo ito. At huwag magkaroon ng masamang palagay laban dito. Makinig.

137 Alam kong marami sa inyo ay kapapakinig lamang kay Dr. DeHaan. Ako'y tiyak. . .Bilang isang tao sa ganiyang kakayahan, at isang mabuting Baptist na kapatid, at ako'y tunay na humahanga sa kanya. Siya'y may higit na katalinuhan at utak, at—at nakalimutang higit kaysa malalaman ko; pagka't siya ay isang Doktor ng—ng Dibinidad, at siya'y isang doktor ng medisina, at siya'y isang Doktor ng Siyensya. Siya'y isang matalinong tao. Nguni't kaniyang sinasabi na yaong mga. . . Nang ang mga anak na lalaki ng Dios ay nakita ang mga anak na babae ng tao na magaganda; kaniyang kinuha ang tinatayuan ni Josephus, at sinasabi na "kanilang—kanilang ipinasok ang kanilang sarili sa katawang laman," at nagsikuha para sa kanila ng mga asawang babae. At may mga higante sa lupain ng Nod. "At sila'y nagsikuha ng kani-kaniyang asawang babae at namuhay kasama nila, nang ang mga anak na lalaki ng Dios, mga Anghel na nahulog, ay kumuha at nakita ang mga anak na babae ng tao; at ang makalamang pagnanasa ay lubhang malaking bagay, at kahima't sila bilang makasalanan mula sa pagkahulog, kanilang ipinasok ang kanilang sarili sa katawang laman."

138 Kung kanilang gagawin 'yon, kanilang sinisira ang Banal na pagpapagaling, kanilang sinisira ang lahat ng iba pang bagay. Kung ang diablo ay nakakalikha, siya'y kapantay ng Dios. Ang diablo ay hindi nakakalikha. Nais kong ipakita n'yo sa akin ang isang lugar kung saan ang diablo ay nakakalikha. Hindi siya nakakalikha. Kaniya lamang binabaluktot kung ano ang nalikha na. Siya'y hindi isang manlilikha. Siya'y isa lamang tagabaluktot.

139 Buweno, pagkatapos, ano ang nangyari? Masdan. Heto ang aking pagpaliwanag. Heto ang nawawalang nag-uugnay.

140 Ngayon mayroon silang chimpanzee, nguni't hindi ka maaaring magpalahi ng isang chimpanzee sa isang babae at manganak ng isang bata. Hindi ka maaaring magpalahi ng isang tao sa anumang hayop. Ito'y hindi mapaghahalo. Hindi ka makapagsasalin ng dugo, anumang hayop.

141 Nang ako'y nasa Aprika, kanilang tinatrato yaong mga kaawa-awang itim na mga tao doon sa isang paraan; may nagsabi sa akin, sabi, "Sila'y wala nang iba pa kundi mga hayop."

142 Sabi ko, "Ipagpaumanhin mo. Sila'y mga tao rin kagaya mo, maaaring higit pa nang kaunti." Hayaang sabihin ko sa inyo, kung kayo'y may ganyang uri ng pag-uugali, kayo'y bumabalik sa pagiging hayop. Sabi ko, "Ang taong 'yan, kung siya'y kasing-itim man ng alas ng spade ng baraha, o kung siya'y kasingdilaw man ng kalabasa, o kung siya'y kasingbughaw man ng tinang asul, ika'y maaari niyang iligtas sa pamamagitan ng pagsasalin sa iyo ng dugo. Nguni't huwag kang magsasalin kailanman ng dugo ng hayop sa iyo." Sigurado, siya'y isang tao.

143 Dahil lang sa ang isang balat ay itim, at ang isa ay kayumanggi, at ang isa pa ay dilaw, at ang isa ay puti, 'yan ay walang kinalaman dito. Sabi ng Biblia, "Ang Dios sa iisang dugo ay ginawa lahat ang tao." At 'yan ay tamang-tama. Ang mga lugar na ating tinitirahan, pagpapalit ng ating mga kulay, ay walang kinalaman dito. Ang Dios ay ginawa sa iisang—iisang tao ang lahat ng bansa, isang dugo, lahat ng mga bansa nang pare-pareho.

144 Ang mga Intsik; ang itim na tao ay hindi makapagsasabi ngayon, ang lalaking itim ay hindi makapagsasabi ngayon, na, "Ang lalaking Intsik na 'yan, siya—siya ay dilaw, ako'y walang anumang pakialam sa kaniya." Siya'y iyong kapatid. At ikaw na puting lalaki ay hindi makapagsasabi sa dilaw na lalaki o sa itim na lalaki, sinuman sa kanila, "Wala akong pakialam sa iyo." Siya'y iyong kapatid. Tamang-tama.

145 Pansinin ngayon, ito ay kung anong nangyari. Naniniwala ako, at mapatutunayan ito sa pamamagitan ng Biblia, na ang serpiyente ang gumawa nito. Ang serpiyente ay yaong nawawalang persona sa pagitan ng chimpanzee at ng tao. Dahil, makinig, pansinin ito ngayon, na ang serpiyente ay hindi noon isang gumagapang. Siya ang pinaka "tuso" sa lahat ng mga hayop sa parang.

146 Ngayon, ako'y nagtungo at kumuha ng mga diksyunaryo, ngayong araw na ito, mula sa kung saan-saan, upang hanapin ang salitang ito, kung ano ang kahulugan ng *tuso*. Ito'y nangangahulugang "maging mautak, maging mapanlinlang," at, ang pinakamainam na pagpapaliwanag sa—sa Hebreo (mula sa m-a-h-a-h, mahah) ay nangangahulugang "pagkakaroon ng tunay na kaalaman sa mga panuntunan ng buhay."

147 Ngayon ating masdan ito sa ilang saglit lamang. Siya ay matalino, tuso, gayunma'y tinawag siyang "serpiyente." Nguni't, tandaan, siya ang pinakamatalinong bagay na naroon, at mas katulad sa tao kaysa anupamang bagay na nasa parang; halos katulad na katulad sa isang tao. Siya ay hindi isang gumagapang. Ang sumpa ang dahilan na siya'y gumapang. At siya ang . . . Sabi ng Biblia siya ang pinakamaganda sa lahat.

148 At kahit ang sumpa'y hindi inalis ang lahat ng kaniyang kagandahan; gayunman ang bantog na kulay ng ahas ay maganda, at ang kaniyang tikas at katusuhan. Kahit na ang sumpa ay hindi ito inalis. Nguni't, alalahanin, ang Dios ay nagsabi sa kaniya na matatanggal ang kaniyang mga paa at siya ay gagapang sa kaniyang tiyan. At wala kang makikitang isang buto sa isang ahas na katulad sa tao, at 'yan ang dahilan na naligaw ang siyensya. Nguni't hayan siya.

149 Ang Dios ay itinago ito sa mga mata ng pantas at matalino, at ipinangako na ihahayag ito sa mga anak ng Dios, sa huling mga panahon kapag ang mga anak ng Dios ay mahayag, kung kailan,

"Ang mga anak ng Dios na nangagalak maging bago pa naitatag ang sanlibutan." Nang ang dakilang kapahayagan ng pagka-Dios at mga bagay ay dadalhin sa huling mga araw, Kaniyang ihahayag ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng mga anak ng Dios. Alam n'yong ang Kasulatan ay itinuturo iyan. At heto tayo. 'Yan ang dahilan na binubuksan ng Dios ang mga bagay na ito sa atin. Ang Dios ay inihahayag ang Kaniyang mga anak. Siya ay pumupunta sa di-maabot ng makataong karunungan, doon sa mga espirituwal na kapahayagan, at dalhin Ito nang patuloy. Hindi ba noon pa man tayo'y nagtuturo, sa Bibliang ito, "Heto ang sa kaniya na may karunungan"? Hindi kung ano ang kaniyang napag-aralan sa isang seminaryo; kundi kung ano ang kaniyang natutunan sa pagluhod sa harapan ng Dios, at kung ano ang kinalugdan ng Dios na ibigay sa kaniya. Mga Anak ng Dios, na nahayag!

150 Heto ang serpiyente, ngayon heto ang kung ano noon ang serpiyente; aking ibibigay sa inyo ang paglalarawan ko sa kaniya.

151 Tayo'y may. . .tayo'y magsisimula pababa, mula sa isang palaka, patungo doon sa uluulo, at pababa doon at patuloy, at *ganito-at-ganoon*, hanggang kayo sa huli ay makarating sa unggoy, patungo sa chimpanzee. At mula sa chimpanzee, ngayon tayo'y tatalon mula sa chimpanzee patungo sa tao, at tayo'y nagtataka kung bakit.

152 "Buweno," sinasabi ng siyensya, "ngayon hintay! Maipapalahi namin ang taong babae sa unggoy at sa 'panzee, at pagkatapos gayun din pabaliktad, isang tao ipapalahi sa chimpanzee." Hindi ito uubra. Ipalahi ito sa anupamang ibang hayop; hindi ito uubra. Ang dugo ay hindi pwedeng maghalo; kunin ang 'yong dugo, ito'y ganap na magkaibang dugo, ganap.

153 May isang dugo sa pagitan dito, at hindi nila matagpuan ang hayop. Oh, Aleluya, ako'y nagsisimulang makaramdam ng pagiging relihiyoso ngayon. Pansinin. Bakit? Ang Dios ay itinago ito sa kanila. Walang buto ang ahas na katulad ng buto ng tao. Kaniyang inilagay ang bagay na napakalayo upang hindi matagpuan ng matalinong tao.

154 At aking ipakikita sa inyo kung saan nanggaling ang matalinong taong iyan, saan—saan siya naroon, gayunpaman. Kita n'yo, hindi siya maaaring dumating sa pamamagitan niyan.

155 Ito'y mangyaring darating sa pamamagitan ng kapahayagan, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng. . . " "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya; at ang mga pintuan ng hades ay hindi makakapanaig laban dito," espirituwal na kapahayagan. Paanong—paanong nalaman ni Abel na maghandog ng isang cordero, kaysa kay Cain na naghahandog ng mga prutas mula sa parang? Ito'y espirituwal na ipinahayag sa kaniya. Hindi mo makukuha ito sa pamamagitan ng mga seminaryo. Hindi mo

makukuha ito sa pamamagitan ng mga denominasyon. Iyong nakukuha ito mula sa Langit.

156 Ngayon masdan ang serpiyente, ang serpiyenteng ito na siyang una. Isalarawan natin siya ngayon. Siya'y kahanga-hangang malaking lalaki. Siya'y sa pagitan ng chimpanzee at ng tao. At, ang serpiyente; ang diablo, si Lucifer, ay nalalaman na iyan lang ang dugo na pwedeng maihalo sa dugo ng tao, ang nag-iisang persona na maaari niyang kasangkapanin. Hindi niya maaaring gamitin ang chimpanzee, ang dugong iyan ay hindi maghahalo. Hindi niya magamit ang iba't ibang bagay. Hindi niya maaaring gamitin ang tupa. Hindi niya maaaring kasangkapanin ang isang kabayo. Hindi niya maaaring gamitin ang anumang hayop; kaniyang kailangang kasangkapanin ang serpiyenteng ito.

157 Kunin natin siya ngayon at tingnan kung ano ang itsura n'ya. Siya'y kahanga-hangang malaking lalaki, sinaunang higante. Diyan ay kung saan kanilang natatagpuan itong malalaking mga buto, at ipakikita ko sa inyo ito sa Biblia. Ngayon masdan nang mabuti. Buweno. Itong napakatangkad na lalaki, sabihin nating siya—siya ay sampung talampakan ang taas, napakalalaking mga balikat; katulad na katulad sa isang tao. At ang kaniyang dugo; pagkatapos bumaba, pinagsasama ang isang hayop sa iba pang hayop. Pwede mong paghalu-haluin ang mga lahi ng mga hayop. At ito'y pataas nang pataas ang dugo, mas mataas na uri ng buhay, mas mataas na anyo, hanggang sa ito'y umabot pataas sa antas ng tao. Nguni't ang pinakahuling naghuhugpong dito, sa pagitan dito, ay naputol. Ilan ang nakakaalam na ang siyensya ay hindi makita ang nawawalang nag-uugnay? Alam n'yo lahat 'yan. Bakit? Heto siya, ang serpiyente. Heto siya noon, isang kamangha-manghang malaking lalaki.

At ang diablo ay bumababa, ngayon, sasabihin niya, "Kaya kong magbigay ng inspirasyon."

158 Ngayon kung ikaw ay titingin sa mga kababaihan, at sa kilos ng mga kababaihan, tandaan, ikaw ay pinahiran ng diablo, (at ito'y hindi mo asawa).

159 Pansinin, ngayon, ang diablo ay bumaba at pumasok sa serpiyente. At kaniyang nakita si Eba sa halamanan ng Eden, hubad, at siya'y nangusap tungkol sa bunga sa gitna. Ang *gitna* ay nangangahulugang "sentro," at iba pa; nauunawaan n'yo, sa isang halo-halong kongregasyon. At sinabi niya, "Ngayon, ito'y nakalulugod. Ito'y mabuti sa paningin." Ano ang ginawa n'ya? Nagpasimula niyang sipingan si Eba, at nakipisan siya sa kaniya, bilang isang asawang lalaki.

160 At kaniyang nakitang ito'y nakalulugod, kaya't siya'y pumaroon at sinabi sa kaniyang asawang lalaki, nguni't buntis na siya kay Satanas.

161 At kaniyang isinilang ang kaniyang panganay na lalaki, na ang pangalan ay Cain, ang anak ni Satanas.

"Ngayon," sinasabi mo, "'yan ay mali."

162 Buweno, atin lamang alamin kung ito'y mali o hindi. "At papag-aalitin ko ang iyong Binhi at ang binhi ng serpiyente." Ano? Ang binhi ng serpiyente! Ang babae ay may Binhi, at merong binhi ang serpiyente. "At Siya ang dudurog sa iyong ulo, at ikaw ang dudurog sa Kaniyang sakong." At ang *pagdurog*, doon, ay nangangahulugang "gumawa ng Katubusan." Ngayon hayan ang inyong "binhi" ng serpiyente.

Ngayon, pansinin, heto itong dalawang lalaking lumabas.

163 Ngayon, itong serpiyente, nang siya'y nakatayo roon, itong napakalaking higanteng lalaki na nakatayo roon, siya ay nagkasala ng pangangalunya sa asawa ni Adan. Saan naroon ang kasalanan ngayon? Anong naging daan para sa mga bagay na maging ganito sila ngayon? Ngayon, ako—ako . . . Tiyak makukuha n'yo kung ano ang tinutukoy ko. At 'yan na nga ito.

At nang kaniyang gawin, sinabi ng Dios, nagpasimulang magtawág kina Eba at Adan.

At sinabi n'ya, "Ako'y nakahubad."

At sinabi Niya, "Sino ang nagsabi sa iyo na ikaw ay nakahubad?"

164 Pagkatapos sila'y nagsimula na, sa kaugaliang sundalo, na magpasa-pasahan ng sisi. Sabi, "Buweno, ang babae na ibinigay Mo sa akin, ginawa ito. Siya ang siyang naghikayat sa akin."

165 At sinabi ng babae, "Ang serpiyente ay binigyan ako ng mansanas"? Buweno, mangangaral, bumalik ka sa tama mong pag-iisip.

166 Sabi ng babae, "Dinaya ako ng serpiyente." Alam n'yo ba ang ibig sabihin ng *dinaya*? Ibig sabihin "dinungisan." Na gaya ng nangyari sa kaniya. Ang Diablo kailanma'y di s'ya binigyan ng mansanas. "Nadaya ako ng serpiyente."

At pagkatapos dumating ang sumpa.

167 Sinabi Niya, "Dahil ikaw ay nakinig sa serpiyente sa halip na sa iyong asawang lalaki, kinuha mo ang Buhay mula sa sanlibutan. At iyong—iyong pararamihin ang 'yong kalumbayan; at ang 'yong paglilihi ay magiging sa 'yong asawa," at iba pa.

168 "At dahil sa ika'y nakinig sa 'yong asawang babae, sa halip na sa Akin (ika'y kinuha Ko mula sa alabok; ang pinakamataas na uri), sa alabok ikaw ay babalik."

169 "At, serpiyente, dahil ginawa mo iyan, matatanggal ang iyong paa. Sa iyong tiyan ika'y lalakad, lahat ng araw ng 'yong buhay. At ika'y kamumuhian. At alabok ang iyong magiging pagkain." 'Yan na nga. 'Yan na nga ang nawawalang nag-uugnay.

170 Ngayon heto na si Cain. Tingnan natin ang mga katangian. Heto si Cain. Ano siya? Siya'y isang tusong mangangalakal. Kaniyang binubungkal ang mga parang. Matalino, intelihente; relihiyoso, napakarelihiyoso; tingnan ang kaniyang—tingnan ang kaniyang mga katangian ngayon. Magpatuloy lang kasama ko ng mga ilang minuto na lang ang itatagal.

171 Heto siya. Alam n'ya na siya'y mabuti. Nais n'yang pumunta sa simbahan. Siya'y nagtatayo ng kaniyang simbahan, gumagawa ng kaniyang handog. Nagdadala ng altar, at lahat na. Nagtayo ng altar, inilagay ang kaniyang mga bulaklak dito. Inilagay ang parang, ang mga bunga sa parang, inihandog ito sa Dios. Ang sabi, "Hayan Ka na po, Panginoon. Alam ko kumain kami ng mga mansanas, 'yan ang naging dahilan nito." Ang ilan sa kaniyang mga kalahi ay may gayun ding kaisipan. Ipinapakita kung saan ito nanggaling. Dinala ang kaniyang mga mansanas sa loob, mula sa parang, inilagay sila doon, sinabi, "Ito ay gagawa ng katubusan."

Sinabi ng Dios, "Hindi iyon mga mansanas."

172 Nguni't, sa pamamagitan ng espirituwal na kapahayagan, nalaman ni Abel na ito'y dugo. Kaya siya ay nagdala ng cordero, ginilitan ang leeg nito, at ito'y namatay.

173 At sinabi ng Dios, "Iya'y tama. 'Yan ang kadahilanan. Ito'y dugo." Alam n'yo kung anong dugo ang tinutukoy ko. Tama. "Ito'y ang dugo ang gumawa nito."

174 Ngayon masdan. At pagkatapos nang makita ni Cain na ang kaniyang holy-roller na kapatid ay tinanggap sa harapan ng Dios, at mga tanda at mga kababalaghan ay nagaganap sa dako roon, siya ay nagselos sa kaniya. Sabi niya, "Ating tatapusin ang bagay na ito ngayon din." Tingnan n'yo ang kaniyang mga kapatid na lalaki, tingnan ang kaniyang mga anak, hanggang ngayon. "Ngayon, ako'y mas matalino kaysa sa kaniya," kaya siya'y nagalit. Saan nanggaling ang *galít*? Masasabi n'yo ba na ang galit. . .? Kaniyang pinatay ang kaniyang kapatid. Siya ay mamamatay-tao.

175 Matatawag n'yo ba ang Dios na mamamatay-tao? At si Adan ay anak ng Dios. Sinabi ng Biblia, na, "Si Adan ay anak ng Dios," yaong dalisay na pasimula pabalik doon. Si Adan ay anak ng Dios. At ang pagseselos at inggit na iyan, at lahat-lahat na, ay hindi makalalabas sa purong daloy na iyan.

176 Ito'y kinailangang dumaan sa pamamagitan ng ibang dako. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] At ito'y dumaan sa pamamagitan ni Satanas, na mamamatay-tao, sa pasimula pa man. Sinabi ng Biblia, "Siya ay sinungaling at mamamatay-tao, sa pasimula pa man." At hayan na nga ito. At kaniyang pinatay ang kaniyang kapatid.

177 At 'yan ay isang tipo ng kamatayan ni Cristo. Pagkatapos, mula diyan, mangyari pa, Kaniyang ibinangon si Seth upang

ipalit sa kaniyang lugar. Kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo.

178 At masdan, pagkatapos, narito na ang inyong mga higante. Pagkatapos si Cain ay nagtungo sa lupain ng Nod. Kung ang kaniyang tatay ay isang napakalaking higanteng lalaki, ano ang magiging katulad ni Cain? Ang kaniyang tatay. At siya'y nagtungo sa lupain ng Nod, at kinuha ang isa sa mga kapatid n'yang babae.

179 Ang tanging paraan lamang na magagawa n'ya. Wala nang ibang mga babae na mailalabas, kundi sa pamamagitan lamang ni Eba. Kanilang inangkin na sila'y may pitumpung mga anak na lalaki at mga anak na babae. Kung—kung wala noong babae. . . Ang Biblia ay hindi nagtatala ng mga babae kapag sila'y isinisilang, lalaki lang. At nang, kung wala nang mga babae maliban kay Eba, nang siya'y mamatay, ang lahi ng tao ay hindi na nagpatuloy. Siya'y mangyaring nagkaanak ng mga babae. At mangyaring kaniyang pinakasalan ang sarili niyang kapatid na babae.

180 Siya'y naparoon sa lupain ng mga Nod at kumuha—kumuha ng kaniyang asawa. At nang pakasalan n'ya siya roon, doon ay kung saan nila natagpuan ang naglalakihang mga higante, na mga nahulog na mga anak ng Dios; na nagmula sa kanilang tatay, ang diablo, sa pamamagitan ni Cain. Hayan ang nawawala n'yong nag-uugnay.

181 At masdan ang binhi ng serpiyente. Ngayon masdan. Alalahanin, ang binhi ng serpiyente ay relihiyoso. Masdan sa pagpapasimula ng pagkilos nito ngayon, sa ilang minuto. Heto na ito, ang binhi ng serpiyente. Ano ang nangyari sa kanila? Ngayon hayaan n'yo akong magbasa ng isang bagay rito, na isinulat ko lamang kaninang hapon.

182 Ano ang dumating sa pamamagitan ng hanay ni Abel? Pakinggan n'yo ito. O sige. Dumating si Abel. Pagkatapos ni Abel dumating si Seth. Pagkatapos ni Seth dumating si Noe. Pagkatapos ni Noe dumating si Shem. Pagkatapos ni Shem dumating si Abraham. Pagkatapos ni Abraham dumating si Isaac. Pagkatapos ni Isaac dumating si Jacob. Pagkatapos ni Jacob dumating si Juda. Pagkatapos ni Juda dumating si David. Pagkatapos ni David dumating si Cristo, tungo sa kasakdalan.

183 Masdan pabalik doon kung paanong ang Espiritu ng Dios ay nanahan kay Abel. Tingnan kung paano Ito nanahan kay Seth. Tingnan kung paano Ito nanahan kay Juda. Tingnan kung paano Ito nanahan kay David. Tingnan ang siya ring Espiritu na tumatawag palabas, sa pamamagitan niyang matuwid na binhi, tuloy pababa. Kahit ano pa ang kanilang ginawa, sila'y itinalaga.

184 Tingnan si Jacob, isang marumi. . .Hindi ko sinasabi ito sa paglalapastangan. Nguni't si Jacob, isang munting mandaraya,

laging nasa ilalim ng dulo ng damit ng kaniyang nanay maghapon; tumatakbo sa paligid, isang munting binabae. Inilagay ang mga bagay sa kaniya, pumaroon at dinaya ang kaniyang ama, upang makuha ang basbas; nguni't ito'y ibinigay sa kaniya bago pa itatag ang sanlibutan. Tunay, ganito nga.

185 Pumaroon at nagsinungaling sa kaniyang biyenan na lalaki; at kumuha ng ilang batik-batik na mga patpat, mga patpat ng poplar, at inilagay ang mga ito sa tubig, upang takutin itong kawan ng mga baka kapag sila'y mga buntis; upang maglabas sila ng batik-batik na mga baka, upang siya'y makapandaya at makuha silang kawan ng baka. Pinagpala siya ng Dios rito. Iya'y tama.

186 Sa aba ng sinuman na magsasabi ng anumang bagay tungkol kay Jacob. Alam n'yo kung ano—alam n'yo kung ano ang sinabi ng bulaang propeta. . .O, siya'y nagpropropesiya nang tama. Si Balaam, sabi n'ya, "Sinumang magpala sa kaniya ay pagpapalain, at sinuman ang sumumpa sa kaniya ay susumpain."

187 "Kinuha Kita, Jacob. Nasumpungan ko siyang bilang isang. . .kagaya ng isang di-kilalang lupa. At katulad ng agila na niyuyugyog ang kaniyang pugad, niyugyog Ko siya at kinuha siya palabas." Aleluya! "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon."

188 Masdan iyang patungo sa kasakdalan na iyan. Ang Espiritung iyan ay kumikilos patungo hanggang sa kasakdalan kay Cristo, pababa tuloy sa bawa't isa sa mga Patriarka, patuloy pababa. Kahit ano pa ang kanilang ginawa, ang kanilang sinabi, kung ano ang kanilang ginawa, sila ay tunay na binhi ng matuwid.

189 At, dito, nang ang matuwid na si Abraham. . .Luwalhati! Oh, tunay na kay buti ng pakiramdam ko. Nang ang matuwid na si Abraham ay masalubong si Melquisedec, Na siyang Dios Mismo!

190 Sino si Melquisedec? "Ang Hari ng Salem, na siyang Hari ng Jerusalem, Hari ng kapayapaan. Wala Siyang ama. Wala Siyang ina. Wala Siya kailanmang pasimula ng mga araw, maging ng katapusan ng buhay." Kung Sino man Siya, Siya'y nabubuhay pa rin. "Hindi Siya kailanman isinilang. Hindi Siya kailanman mamamatay. Wala Siyang ama o ina. Kailanma'y hindi Siya nagkaroon ng pasimula ng mga araw, o katapusan ng buhay." Sabihin mo sa akin kung Sino ito. Ang Walang Hanggang Dios; sa tinatawag nating isang. . .

191 Oh, nakalimutan ko kung ano ang tawag n'yo d'yan ngayon. Theophany, ay kung ano ito. Tulad lang ng. . .Hindi isang katha; nguni't gayunman ito'y isang bagay na nahayag. Tulad ng Siya'y pumunta kay Abraham sa tolda doon sa taas, tulad ng

isang anghel, at nagpropesiya, at nagsabi kay Sarah na siya ay tumawa, sa likuran Niya, at iba pa. Ang bagay, siya ring bagay.

192 At narito Siya. Kaniyang sinalubong si Melquisedec. At ang pinaka-. . .lolo-sa-tuhod na si Abraham, sa binhi ng matuwid, ay nagbigay ng ikapu kay Melquisedec; at ito'y ibinilang sa kaniyang kaapu-apuhan dito, ang binhi ng matuwid.

193 Ngayon narito na ang binhi ng—ng serpiyente. Ngayon, tandaan, magkakaroon ng pag-aalitan, labanan sa pagitan nila.

194 Ang binhi ng serpiyente ay dumarating, at ano ang inilalabas nito? Ngayon ating kunin ang unang ilang mga taon. Ngayon tingnan kung anong nagaganap doon. Ating babasahin ito nang patuloy rito, pagka't kakasiyasat ko lamang nito. Ang binhi ng serpiyente ang naglabas kay Cain. Si Cain ay nagpunta sa lupain ng Nod, nagluwal ng mga higante, at pagkatapos sila'y dumating sa lupain ni Noe.

195 Sila ay matatalino, may pinag-aralan, intelihenteng mga tao. Iyan ba ay tama? Sila ay mga tagapagtayo, mga imbentor, mga siyentista; hindi sa pamamagitan ng binhi ng matuwid, kundi sa pamamagitan ng binhi ni Satanas, ang serpiyente. Sila ay mga taong katulad—katulad ng mga siyentista, at mga tagapagtayo, at mga dakilang tao, mga tagapagturo. Ganiyan ang sabi ng Kasulatan. Sila ay manggagawa ng tanso. Sila ay manggagawa ng bakal. Sila ay manggagawa ng mga metal. Nag-imbento sila ng mga bagay. Sila'y gumawa ng iba't ibang metal, at nagtayo ng mga bahay, at iba pa. Ganiyan ang sabi ng Kasulatan. At sila ay mga manlilibak ng Binhi ng babae, si Noe, ang matuwid. Iyan ba ay tama? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

196 Sundan pa natin sila nang mas malayo-layo. Pagkatapos, ay ating tipunin sila sa daong, ang lahat ay nangawasak. Pinasok ang ganoong kalipunan ng kasalanan, at napasa-kanila ang pamumuno, at pinakamatalino at pinaka-intelihente. Hanggang sa, ang Dios ay tumingin sa baba, wala nang gaanong maraming natira, kaya Kaniya na lamang kinuha si Noe at ang kaniyang pamilya papasok sa daong, at pinaulan ang tubig at sinira ang lahat ng bagay. Inagaw si Enoc pataas, bago pa man. Tama nga ba? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Naroon ang lahat ng binhi noon, halos lahat ng binhi; nguni't Siya'y may layunin na kailangang maganap.

197 Ngayon, si Noe at ang kaniyang mga anak na lalaki, na lumabas, si Ham, si Shem, at si Japheth, ay nanggaling mula sa hanay ng matuwid.

198 Paano nakarating ang binhi doon? Ang binhi ay nakarating sa daong, tulad ng ginawa nito sa pasimula, sa pamamagitan ng babae, ang kanilang mga asawa. Kanilang dala-dala ang binhi ni Satanas, sa pamamagitan ng daong; kung paanong dala-dala ni Eba ang binhi ni Satanas, upang isilang si Cain, sa pamamagitan ng babae.

199 Inyong inilalagay silang mga babae sa inyong mga plataporma para maging mga mangangaral, ang Biblia ay ipinagbabawal ito! Sabi ni Pablo, “Kung sino mang tao ang nag-aakala na siya’y isang propeta, o kahit na espirituwal, hayaang kilalanin niyang ang aking isinusulat ay ang mga kautusan ng Panginoon; nguni’t kung siya ay walang alam, hayaan lamang siyang maging walang alam.”

200 Kaya nga ako’y lumabas sa iglesyang Baptist dito. Si Kapatid na Fleeman ay narito kanina lang; sa palagay ko naroon siya nang gabing iyon. Sabi ni Dr. Davis, “Ika’y tatayo rito at oordenahin ang mga babaeng ito para maging mga mangangaral.”

Sabi ko, “Hindi ko gagawin ito. Hindi, talaga.”

Sabi niya, “Buweno, itatapon kita palabas.”

201 Sabi ko, “Ako’y itinapon nang palabas sa mas mabuti.” Sabi ko, “Ito ay Salita ng Dios, at Ito’y nagbabawal sa ganung bagay. At hindi ko pwedeng panghawakan ang ipinagbabawal ng Dios.” Hindi, po.

202 Sinumang gumagawa nito, ay ipinapakita na sila ay mga bulaang tagapagturo, mga bulaang propeta. Sinabi ng Biblia na sila’y magiging ganun. “Dayain ang mga hinirang mismo kung maaari.” ’Yan na nga.

203 Pansinin ito ngayon. At mula riyan, pagkatapos, dumating si Ham, si Ham kasama ang kaniyang asawang babae, at sila. Siya’y may sumpang inilagay sa kaniya. Mula kay Ham dumating si Nimrod, na nagtayo ng Babilonia. Mula sa Babilonia dumating ang iglesyang Katoliko, ang pasimula nito. Tumungo kay Ahab. Dumating sa pamamagitan ni Ahab, tungo kay Judas Iscariote; nagwakas ito, sa anti-Cristo.

204 At sa mga huling araw na ito, narito ang espiritu ng anti-Cristo at ang Espiritu ng Cristo. Ang espiritu ng anti-Cristo, nagsasabi, “Ang mga araw ng mga himala ay lumipas na.” Ang Espiritu ni Cristo, nagsasabi, “Siya ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Ang espiritu ng anti-Cristo ay nagsasabing, “Ito’y walang pagkakaiba kung ikaw ay nabautismuhan sa ‘Ama, Anak, Espiritu Santo,’ binuhusan, winisikan, anuman ito, ito’y pareho lamang ng ibig sabihin.” Ang Biblia ay nagsabi na ang Dios ay hindi maaaring magkamali, at hindi Siya maaaring magbago. Sino ang iyong paglilingkuran? Nasa iyo na ’yan.

205 Ngayon sinasabi mo, “Pwede ba silang manahang magkasama? Sinabi mo, na, doon sa daong na ’yan, Kapatid na Branham, naroon kapuwa sina Ham at Seth.” Iya’y tama, tamang-tama. Si Ham ay masama. Si Seth ay relihiyoso at matuwid. Buweno.

206 Ating sundan si Ham. Buweno, ngayon, naroon si Ham at Seth sa iisang daong; isang matuwid, at ang isang di-matuwid. May isang uwak at isang kalapati sa iisang daong. Naroon si Judas at Jesus sa iisang iglesya. Naroon ang anti-Cristo at ang Espiritu Santo sa iisang iglesya.

207 At, ngayon, ang siya ring mga espiritu ay gumagawa. "May anyo ng kabanalan, napakarelihiyoso, nguni't may anyo ng kabanalan at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito; lumayo ka rin naman sa mga ito." Ang Espiritu Santo'y nag-aangkin, "Si Jesus Cristo ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Aling panig ang pipiliin n'yo?

208 Ang anti-Cristo ay nagsasabi na *Ito* ay isang aklat lamang ng kredo. "Ating uulitin ang Kredo ng mga Apostol." Aking hinahamon ang sinumang mangangaral na sabihin sa akin kung saan matatagpuan ang Kredo ng mga Apostol sa Biblia: "Ako'y sumasampalataya sa Dios, ang Amang Makapangyarihan-sa-lahat, ang Manlilikha ng mga langit at lupa; si Jesus Cristo, na Kaniyang Anak. Ako'y sumasampalataya sa Banal na Iglesyang Romano Katoliko, ang komunyon ng mga banal." Saan n'yo matatagpuan 'yan sa Biblia? At gayunma'y uulit-ulitin ninyo ito sa inyong malalaking simbahan ng Methodist at Baptist. Ito'y isang doktrina ng diablo, at ang mga bulaang propeta ay itinuturo ito.

209 At ako'y umaasang hindi ko nasasaktan ang inyong damdamin, nguni't pinagdidiinan ko 'yan sa tabernakulong ito. Kayong mga naririto sa Branham Tabernacle, lumayo sa mga bagay na ganiyan. Anumang bagay na naniniwala sa komunyon ng mga banal ay espirituwalismo. "May isang tagapamagitan sa Dios at mga tao, at 'yan ay ang Taong si Jesus Cristo." Wala akong pakialam kung ilang Maria ang mayroon!

210 Nakita n'yo kung ano ang ginawa roon ng binhi ng babae? Nakita n'yo kung paanong ang binhi ng babae ay nadala roon?

211 Tingnan ngayon, sa Amerika. Ang Amerika ang binhi ng diablo. Ano ito? Siya'y bansa ng isang babae. Inyong narinig, "Ito'y isang mundo ng babae." Iya'y tama. Ito'y isang bansa ng babae. Sila ang nagtatakda ng kalakaran.

212 Ako'y nagtungo rito, hindi pa katagalan, sa Switzerland. Ang mga kababaiha'y nagsasabi . . . Isang munting, may Espiritu Santong babae ang nagsabi, "Alam mo, kung ako ay pupunta ng Amerika, sinasabi nila na ang mga kababaihan ay may kalayaan."

213 Sabi ko, "Hayaan mong sabihin ko sa 'yo kung ano ang pinatutunguhan nito." At aking pinasimulang sabihin sa kaniya.

Sabi n'ya, "Oh, kahabag-habag, ayoko ng mga bagay na 'yan."

Sabi ko, "Iyan ang kinapupuntahan nito."

Alam mo, hindi nila ginagawa ang mga bagay doon na tulad sa ginagawa nila rito.

214 Ano ito? Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo na ang Amerika ay isang babae. Sa ating barya ay isang larawan ng babae. Lahat ng bagay rito ay babae.

215 Sabihin mo sa akin, kulang pa ang mga inuman ng alak sa bansa, na mayroon. . . Ika'y makapaglalagay ng apatnapung inuman ng alak sa lungsod na ito, at maglalagay ng tatlong patutot, na magagandang babae na nagpapakendeng-kendeng sa kalsada; sila'y magdadala ng mas maraming kaluluwa sa impiyerno, na nagnanasa sa kanila, higit sa lahat ng mga painuman ng alak na mailalagay mo sa lungsod. 'Yan ay tamang-tama.

216 Sino ito kung gayon? Ito'y isang babae. Ano siya? Siya ang dios ng Amerika.

217 Kunin ang ilan dito sa mga matatandang artista sa pelikula; tumatayo sila rito at ikinakasal nang apat o limang beses, namumuhay kasama ang tatlo o apat na iba't ibang mga asawang lalaki nang sabay-sabay; at ilan dito sa mga magasing naglalantad at nagkukuwento sa kanila, kinukunan sila ng litrato na nakahubad sa labas dito. At kayong mga batang babae ay ginagawa n'yo silang halimbawa, (bakit?) dahil ang ina ninyo na siyang nauna sa inyo, marahil, ang inyong lola na nauna sa inyo. Nakita n'yo kung saan kumikilos iyang binhi ng serpiyente? Tiyak, ganun nga.

218 At ano ang nagawa nito? Kung ang katampalasanan ay ang pagdalaw sa labing-apat na henerasyon, sa ilalim ng kautusan, ano kaya ang kahahantungan ng katampalasanan kung dadalawin sa panahong ito, kung kailan ang binhi ng matuwid ay malapit nang matapos? At sinabi ng Dios na darating ang panahon, kung hindi Niya paiiksiin ang gawain, na walang anumang matitira rito. Tayo'y nasa panahon ng kawakasan. Hanapin ang mga matutuwid ngayong gabi; pumaroon sa mga kabayanan!

219 Oh, inyong nakikita ang mga miyembro ng iglesya na talagang matapat sa mga Baptist at mga Presbyterian, at iba pa, na makakaya nila. Nguni't wala na silang pakialam sa Dios gaya ng isang kuneho na magsuot pa ng sapatos na pang-niyebe. Walang alam tungkol Dito! Ang alam lamang nila. . . Ikaw ba'y Cristiano? "Ako'y isang Katoliko." Ikaw ba'y Cristiano? "Ako'y isang Baptist." Ikaw ba'y Cristiano? "Ako'y Presbyterian." Ikaw ba'y Cristiano? "Ako'y Pentecostal." 'Yan ay walang anumang kaugnayan Dito.

220 Ikaw ay Cristiano dahil sa ang Dios, sa pamamagitan ng biyaya Niya, ay iniligtas ka. At alam mo ang tungkol Dito. At may bagay na nagpabago sa buhay mo, na namumuhay kang

naiiba. At ikaw ay isang bagong tao at nilalang kay Cristo Jesus. Totoo.

221 Nguni't nakikita n'yo ba kung saan ang binhi ng serpiyente? Ano ba ang binhi ng serpiyente? Pangangalunya. Inyo bang nasusundan? Pangangalunya kasama si Eba. Anong nangyari diyan? Ano ang nagdala niyan? Ano ito ngayong gabi?

222 Tumingin pabalik doon, ilang taon na ang nakararaan, nang ang unang kanta ay lumabas. Kayong mga nakakatandang tao, nang ang. . .Dati kanilang sinusuri ang mga kanta bago nila ipaawit ang mga ito sa radyo. At ang unang lumabas, ay iyang, "Iyugyog sila, mga iha, iyugyog sila, ipinapakita ang inyong magagandang tuhod," at lahat tulad niyan. "Tawanan si itay at si inay, at bigyan silang lahat ng isang 'ha-ha-ha!'" 'Yan ang una nilang pinalampas. Sa palagay ninyo nasaan sa gabing ito ang lalaking sumulat ng kantang 'yan? Siya'y patay na.

223 Ano ang palagay n'yo kay Clara Bow, na lumabas na una at nagsabi ng, *Delikadong Mga Kurba*; at ang mang-aaliw na naghuhubad na nagdala ng libo-libong kaluluwa sa impiyerno? Sa palagay n'yo nasaan siya ngayong gabi? Siya'y matagal nang panahong patay. Nasaan na siya, sampu ng katawan niya? Nahihimlay doon, inaagnas sa lupa, at ang mga bulati at mga uod ay pinagpistahan na iyon. At ang kaniyang kaluluwa ay nakahimlay roon sa harapan ng isang matuwid na Dios.

224 Nasaan na ang taong kumuha sa babaeng iyan at ginawan sila ng mga lumang malalaswang-damit na kanilang isinusuot, upang itulak silang lahat sa isang kalakaran at iba pa, at pinasuot silang di-tama? Sabi, "Para saan nila ginagawa ito? Para saan ang pagsusuot n'yo ng mga ganoong bagay?" Dahil gusto ninyo na ang mga kalalakihan ay tumingin sa inyo, at wala nang ibang paraan upang patunayan ito.

225 At alam mo ba na kung gagawin mo 'yan, at may isang makasalanan na titingin sa iyo, alam mo kung anong mangyayari? Sa Dako ng Paghatol. . .Sasabihin mo, "Kapatid na Branham, ako'y walang kasingtapat sa aking asawa." Ikaw ay ibibilang na nagkasala ng pangangalunya. Sabi ni Jesus, "Sinuman ang tumingin sa isang babae na magnasa sa kaniya ay nagkasala na ng pangangalunya kasama niya sa kaniyang puso." Kapag ang taong 'yan ay nanagot sa pagkakasalang pangangalunya, sino ba ang siyang naging dahilan nito? Sa paraan ng pagdadamit mo sa iyong sarili at sa pag-aayos ng iyong sarili.

226 Ngayon, hindi ko ibig sabihin na kailangan mong magbihis ng tulad sa isang bagay na mula sa isang antigong kahon. Pero, magagawa mong mas magmukhang isang mahinhing babae.

227 At lalabas dito at maghuhubad, ang iyong munting maiksing syorts, at magtatali ng isang munting laso sa palibot nito tulad ng ganyan; at ang iyong kasintahan na ang mga mata

ay tulad sa lalagyan ng sigarilyo, na may sigarilyo sa iyong bibig, lumalakad sa kalsada. Hindi mo ginagawa iyan para sa di-mabuting layunin. Maaaring ikaw ay inosente sa iyong pagkakaalam, pero ang diablo ay ginagamit kang kasangkapan tulad ng ginawa niya kay Eba.

228 Bakit ito'y isang bansa ng babae? Dahil ito'y patungo mismo sa pagdodomina ng Katolisismo. Ano ito ngayon? Hindi mo sila kailanman maririnig na mababanggit si Jesus. "Aba Ginoong Maria! Maria, ina ng Dios! Santa Cecilia!" Lahat ng uri ng mga santo, mga patay na santo. Dito hindi pa katagalan, doon sa . . .

229 Ako'y naroon sa Mexico, noong nakaraang taon. Lumapit ang isang kaawa-awang babae, gumagapang. Ang kaniyang mga tuhod, talagang upod nang pagano'n, pati balat; umiiyak, at hinahawakan ang kaniyang mga kamay. At ang ama ay kasabay na lumalakad, dala-dala ang dalawang maliliit na mga anak, sila'y umiiyak; ang ina'y lubhang naghihirap; dahil may kung sinong babae, na kanilang tinatawag na isang santo, ang namatay. Kanilang inilagay ang rebulto nito doon sa taas ng burol. May mangingibig na pumatay sa kaniya. At pagkatapos na pagkatapos na napatay siya nang ganiyan, siyempre, siya'y isang santo; siya ay Katoliko. Kaya siya ay patungo, upang gumawa ng pagsisisi; at kailangan niyang gumapang ng dalawang milya, sa mga batuhan, upang gumawa ng pagsisisi.

230 Kapatid, kung mayroon pa akong bagay na kailangang gawin, Si Jesus Cristo ay namatay nang walang kabuluhan. Biyaya, ako'y naligtas; at hindi sa pamamagitan—sa pamamagitan ng aking sarili, kundi sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, at sa pamamagitan ng kabutihan ng Dios.

231 Silang mga tagapagbalita ay nagtanong sa akin, sabi, "G. Branham . . . " Ang—ang munting, patay na sanggol na nabuhay, at ilang mga bagay doon. Tatlumpung libong Katoliko . . . Hindi, ipagpaumanhin ninyo. Ito ay dalawampung libo. Tatlumpung libo ay sa Aprika. Dalawampung libong mga Katoliko ang tumanggap kay Jesus Cristo bilang kanilang sariling Tagapagligtas, sa isang pagkakataon, nang mangyari 'yan, nakatayo sa Lungsod ng Mexico. At ang mga paring 'yon, wala silang masabi; napakarami, mag-uumpisa ng kaguluhan. Napakarami sa gayong panig. Kaya sabi niya, "G. Branham, naniniwala ka ba na ang mga santo namin ay magagawa ang gayon ding bagay na iyong ginagawa?"

232 Nalalaman ang kanilang doktrina, sabi ko, "Tiyak, kung sila'y nabubuhay." Kita n'yo? Kaya, hindi kayo magiging santong Katoliko hanggang hindi kayo namamatay, alam n'yo.

Kaya sabi niya, "Oh, hindi ka nga maaaring maging banal hangga't di ka pa namamatay."

233 Sabi ko, "Saan mo mababasa 'yan? Sabi ni Pablo, 'Sa mga banal na nasa Efeso,' at sila na mga tinawag ng Dios. 'Sa mga

banal na nasa Efeso,' kaniyang binabasa ang kaniyang sulat; at ang mga banal ay nasa ibang mga lugar, sa Galacia, at—at 'mga banal sa Roma,' at iba pa. Ang *mga santo*, 'ang mga binanal.' Paano 'yan?"

234 Sabi niya, "Siyempre, ngayon, hindi tayo dapat magtalo sa Biblia. Sapagka't, kami ang iglesya, at kung anong sinasabi ng iglesya. Wala kaming pakialam sa sinasabi ng Biblia. Ito'y kung ano ang sinabi ng iglesya." Sabi, "Ano ang inyong opinyon kung gayon sa iglesyang Katoliko?"

235 Sabi ko, "Sana ay hindi mo na itinanong sa akin 'yan. Dahil sa tinanong mo ako, at sasabihin ko sa 'yo ang Katotohanan."

Sabi, "Buweno, gusto kong sabihin mo sa akin ang Katotohanan."

Sabi ko, "Ang pinakamataas na uri ng espiritismo na alam ko."

Sabi n'ya, "Paano mo nakukuha 'yan?"

236 Sabi ko, "Anumang bagay na nakikipag-ugnayan sa patay ay isang espiritista." Sabi ko, "Kung ang santong 'yan ay nagsalita pabalik, kung gayon siya'y nasa impiyerno. Dahil, silang mga tumawid na sa daan, ang aking—ang aking Biblia ay nagsabi na hindi na siya maaaring bumalik." Iya'y tama. At sabi ko, "Kung ito nga, kung siya ay banal; ito'y ang diablo na nagsasalitang gaya ng isang banal, at hindi iyan ang santo, gayunman."

237 At sabi niya, "Buweno, ngayon, sandali lang." Sabi, "Ikaw ay nakikipag-ugnayan sa mga patay, rin."

Sabi ko, "Saan?"

Sabi n'ya, "Si Jesus Cristo ay namatay."

238 Sabi ko, "Nguni't Siya'y nabuhay muli. Siya'y hindi patay. Nguni't Siya ay nabubuhay, upang mamagitan, at ang nag-iisang tagapamagitan sa Dios at mga tao."

239 "Ako ang Siyang namatay, at nabuhay na mag-uli, at nabubuhay magpakailanman. Nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at impiyerno." "Sinuman ang nagnanais, hayaan siyang pumarito at uminom nang walang bayad mula sa tubig ng Buhay." Naku! Iyan ang ating Dios. Iyan ang ating Dios.

240 At ang binhi ng matuwid ay paubos na. Kausapin mo ang mga tao tungkol sa mga bagay na ito. Kausapin mo ang mga tao tungkol sa pagbabalik sa daan ng Biblia. Kausapin mo ang mga tao tungkol sa mga himala. Kausapin mo ang mga tao tungkol diyan. Ang kanilang "iglesya ay hindi naniniwala Rito," kaya sila'y mga bastardong anak, sa Dios. Ang sabi ng Biblia kung hindi natin kayang batahin ang mga pang-uusig, at mga pagsubok, mga panlalait, at tawaging "mga holy-roller" at iba pa, tulad niyan; kung hindi n'yo matiis ito, kayo ay mga

bastardong anak, at hindi mga anak ng Dios. Ang Biblia ang nagsabi niyan.

241 Tawagin n'yo akong "holy-roller," kung 'yan ang gusto n'yo. Tawagin n'yo ako ng anumang gusto n'yo. Hangga't ang aking puso ay tama sa Dios, at ang aking mga karanasan ay tumutugma sa Biblia ng Dios, ako'y magpapatuloy sa ganito pa ring direksyon. Opo, ginoo. 'Yan ang ating pinaniniwalaan. 'Yan ang iglesya ng buhay na Dios, na hindi dumarating sa pamamagitan ng teolohiya. Ito'y hindi dumarating sa pamamagitan ng kung anong gawa ng tao, pagkaunawang intelektuwal. Ito'y dumarating sa pamamagitan ng ganap na kapahayagan ng Katotohanan na si Jesus Cristo ay ang Anak ng Dios.

242 Kung ako'y mayroon lamang intelektuwal na pagkaunawa, dahil ang iglesyang Baptist o ang iglesyang Methodist ay nagturo sa akin na ito'y *ganito* at *ganoong* mga bagay; kapag narinig ko ang Biblia na ito, kung ang Biblia . . . Kung ako'y nabautismuhan na sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," at nabasa itong Biblia, at isang mangangaral ang nagsabi sa akin na walang sinuman sa Biblia ang nabautismuhan kailanman kundi sa Pangalan ni Jesus Cristo, at nabasa ko ito at nakitang 'yan ang Katotohanan, aking tutunguhin ang tubigan nang kasimbilis ng magagawa ko. Opo, ginoo.

243 Kung may nagsabi sa akin na—na si Jesus Cristo ay isang dakilang manggagamot; at ang simbahan ko ay nagsabi sa akin, "Ang mga panahon ng mga himala ay lumipas na," at nangangailangan ako ng kagalingan; ako'y tatakbo nang kasimbilis ng makakaya ko, sa altar na 'yan, upang gumaling. Aking gagawin iyang tiyak.

244 Kung ako'y isang mangangaral, at may isa—isang babaeng mangangaral sa aking pulpito, at aking nabasa sa Biblia na 'yan at nakita na ang isang babae ay hindi dapat mangaral, akin siyang palalabasin doon, mabalatan man ang aking likuran.

245 At alalahanin, nakaupo doon mismo sa likod kung saan si Kapatid na babaeng Wright ay naroon, isang gabi, na ang isang babae ay palalabasin ako sa pinto sa paggawa ng ganyang bagay. Opo, ginoo. Sabi ko, "Hindi ka makakapasok sa simbahan ko na dala ang iyong dating . . . " Kung kailan dati silang nagsusuot, o tinatabas ang kanilang mga damit nang paiksi tulad nito, at ang katawa-tawang tingnan na bagay na 'yan, at halos kalahati ng kanilang katawan ay nakalitaw. Sabi ko, "Sila ma'y dumating sa aking iglesya, siguradong sila'y aking palalabasin." At isang munting wala-sa-kaayusan doon, siya'y namatay di-kalaunan pagkatapos niyan; at pagkatapos ay tinawagan niya ako, naghihingalo. Siya'y isang babaeng Katoliko, lumakad doon at naupong suot 'yon nang gano'n. Ako'y lumingon at nasulyapan siya, nakaupo rito, at sila ay umaawit. Inalis ang aking amerikana, lumakad patungo doon,

inilagay ito sa kaniyang mga balikat. Sabi ko, “Ginang, kung ikaw ay makikinig sa akin na mangaral, maaari bang isuot mo itong amerikana habang ikaw ay nasa iglesya ng Dios.” Kita n’yo? Totoo.

246 Siya’y nagpapadyak palabas doon, at napanguso. Siya’y lumabas ng gusali. Sabi niya, “Kung siya ay may relihiyon, hindi ko hahayaan ang baka ko na magkaroon ng ganyang uri ng relihiyon.”

Sabi ko, “Huwag kang mag-alala, hindi siya magkakaroon nito.”

247 Pagkatapos nagkaroon kami ng tolda, kanilang ipinatawag ako nang siya ay naghihingalo. Siya ay inatake sa puso, at siya ay naghihingalo. Ang kaniyang asawa ay dumating. Siya, “Maaari bang, puntahan nang madali!” At ako’y nasa pagtitipon noon. Malaki, mataas na kabataang lalaki, nakatayo sa pinto, naghihintay sa akin. At ako ay tumakbo nang . . .

248 Ako’y sumakay sa aking kotse at tumakbo doon. Habang ako’y paakyat doon, nasalubong ko ang matandang nars na iyon doon, na nakatira doon sa Howard Park, hanggang ngayon. Sabi niya, “Reverend, hindi na kailangang puntahan.” ’Yan ay mga dalawampung taon na ang nakararaan, baka nga mas kaunti pa. Sabi, “Siya’y patay na.” Sabi, “Siya’y patay na ng mga tatlong minuto.” Sabi, “Siya’y sumisigaw nang ubod lakas na makakaya niya, ipinapatawag ka.” Sabi, “Mayroon akong mensahe para sa iyo.”

Sabi ko, “Ano?”

249 Sabi, “Sabihin mo sa mangangaral na iyon, na tungkol sa sinabi ko, ‘Nakikiusap akong patawarin ako.’”

250 Ako’y nagtungo doon sa baba upang tingnan siya. Magandang babae; at siya’y naghirap nang lubha. Siya’y may mga maliliit na pekas sa kaniyang ilong; isang magandang babae. At ang mga pekas, parang tila, nakaumbok. At ang kaniyang mga mata ay tuluyang lumuwa, at kalahati nito’y nakatirik. Mangyari pa, ang kaniyang mga bituka at mga bato ay nagalaw, at ang singaw ay lumalabas sa buong higaan, nang gano’n.

251 At ang kaniyang asawa ay tumingin sa akin, nagsabi, “Kapatid na Branham, umusal ka ng panalangin, pagka’t gusto ka niyang makita.”

Sabi ko, “Ang isang panalangin para sa kaniya ngayon ay wala nang kabuluhan.”

252 “Kung saan nakahilig ang puno, doon ito babagsak.” Kita n’yo? “Huwag kayong magpalinlang; ang Dios ay hindi maaaring dayain. Anuman ang ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya.”

253 Nakita n'yo ba kung saan ito? Ngayon anong nangyari? Masdan ang isang babae na gagawa niyan. Tingnan ang mga babae na nabuhay noon, ang babaeng manganganta't mananayaw, ano ang kaniyang anak na babae? Isang babaeng pakawala. Ano ang anak na babae ng isang babaeng pakawala? Isang rock-and-roll na dalagita. Ano ang magiging kahahantungan ng anak n'yang babae? Uh! Ano ito?

Kita n'yo ang binhi ng matuwid?

254 Masdan ninyo kayong mga Baptist. Bumalik nang kaunti sa nakaraan. Bumalik doon kay John Smith, ang inyong tagapagtatag, kayong mga Baptist. Nang, siya'y nananalangin para sa mga kasamaan ng mga tao, hanggang sa, umiiyak siya at nananalangin para sa mga tao hanggang sa ang kaniyang mga mata ay mamagang nakasara, at ang kaniyang maybahay ay kailangan siyang subuan sa mesa, ng kaniyang almusal.

255 At kayong mga Methodist sa paligid dito, na may mga alahas sa inyong ilong at sa mga tainga, at tila maginhawang mga upuan para sa diablo; at lumalabas, na nakasuot ng syorts, at mga bagay na tulad niyan! Nang, ang matandang John Smith, isa sa mga matatanda sa iglesyang Methodist, bago siya namatay sa edad na walumpu't limang taon, ay nangaral ng isang maiksing sermon apat na taon . . . apat na oras. Kinailangan nilang dalhin siya at ilagay sa pulpito. At narito ang kaniyang huling mga salita. Sabi niya, "Ako'y gulat na gulat sa mga ikinikilos ng iglesyang Methodist." Sabi, "Maging ang mga anak na babae ng mga iglesyang Methodist ay nagsusuot ng gintong singsing sa kanilang mga daliri." Ano kaya ang kaniyang sasabihin ngayon, na nakasuot na ng syorts, kumakanta sa choir?

256 Mabuti pa kayo noon. Ano ang nangyari? Kayo'y kumikilos na ng tulad sa inyong nanay. Nang ganiyang-ganiyan.

257 'Yan ang dahilan na ayaw natin ng mga denominasyong ito na liligid-ligid dito, o nakakabit dito, "Kami'y mga Methodist. Kami'y mga Baptist." Tayo'y kay Cristo lamang. Hayaan itong gayon, maging malaya.

258 Ngayon, kita n'yo ang binhi ng serpiyente? Anong kahihinatnan ng isang babaeng tulad niyan? Ano ang gagawin niyan? Ano? Sila'y nagpatuloy, patuloy doon. Kanilang itinulak ang Baptist pabalik, itinulak ang Methodist pabalik, itinulak ang Presbyterian pabalik. Ano ang kanilang gagawin? Silang lahat ay bumalik, tulad ng kanilang nanay, ang matandang patutot. Hayan nga silang lahat, gumagawa ng gayun ding prostitusyon. "Buweno, wala itong anumang kaibahan. Sila ay nailubog na. Sila ay nawisikan na. Sila, sila'y dumating, gumawa ng paghahayag ng kasalanan. Kanilang tinanggap ang kanilang anim na buwang pagbabawal; hindi sila uminom masyado sa panahon na 'yan, kung anu-ano pa. Sila'y naging mga mabubuting miyembro. Sila'y nagbabayad nang mabuti

sa . . .” Oh, naku! Iyan ay walang kinalaman sa mga bunga ng Espiritu.

259 Ang mga bunga ng Espiritu ay “pananampalataya,” sinasampalatayanang si Jesus Cristo ang siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; “pag-ibig” para sa kapatiran; “kagalakan, kapayapaan, mapagpahinuhod, kabutihan, kagandahang-loob, pagtitiis, kaamuan, pagpipigil.” ’Yan ang mga bagay, ang mga bunga ng Espiritu.

260 At ating kunin ang isang lalaki, “Buweno, siya—siya’y namumuhay nang maayos sa mga kalapit-bahay.” Si Esau din ay gayon.

261 Hindi nanakit ng sinuman si Esau, at si Esau ay sa diablo; nguni’t si Jacob, mula sa iisang sinapupunan, ay sa Dios. Ang binhi ng diablo; ang Binhi ng babae, ang Binhi ng Dios dumating.

262 Ngayon, nakita n’yo, itong lahat ay tumungo rito, sa kung ano pang natitira sa sanlibutan ngayon? Aking sasabihin ito nang talagang malupit, ipagdidiinan ito, pagkatapos ay magpapaumpisa tayo ng rebaybal pagkatapos nito, sa susunod na pagtitipon. Ito’y nasa isang anyo. At, pakiusap, hindi ko sinasabi itong may paglapastangan. Hindi ko sinasabi ito para maging masama. Ito’y nasa isang kalagayan, sa isang malaki, relihiyosong bungkos ng ilehitimo, mga bastardong anak. Hayan ang aking panghuling pangungusap. ’Yan ang eksaktong pinatunguhan nito. Alam ninyo iyan na siyang katotohanan. Ito’y dumating sa isang kalagayan hanggang sa ito ay pag-anib-iglesya at pagpapamiyembro-iglesya, “May anyo ng kabanalan, tinatanggihan ang Kapangyarihan nito,” hanggang sa ito’y dumating sa grupo ng mga relihiyosong, mga bastardong anak. ’Yan ang eksakto kung ano ito.

263 Ano ang susunod na natira? May isang rocket na nakaabang sa dako roon, mga iilan sila, kobalt na mga bomba at lahat ng iba pa. Kanila lamang hinihintay ang oras na iyan na dumating. At magkakaroon ng pagkawasak sa pamamagitan ng apoy, tulad noon nang sa pamamagitan ng tubig.

264 At, mga kaibigan, anuman ang gawin n’yo, kung kayo ay isang Cristiano, at nasa puso n’yo ang Dios, at alam n’yo na lumipat na kayo mula sa kamatayan tungo sa Buhay, kayo dapat ang pinakamasayang tao sa buong mundo. Kung ang Banal na Espiritu na nasa inyo . . .

265 Kapag, sinasabi ng Biblia, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

266 Ang sinasabi ng mga denominasyon, “Pero naniniwala kami na ang panahon ng mga himala ay lumipas na.”

267 Ang sabi ng Espiritu Santo, “Amen. Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, at magpakailan pa man. Siya nawa.”

268 Kung sinabi ng Biblia, "Mangagsisi kayo, at mangagpabautismo ang bawa't isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, inyong tatanggapin ang Espiritu Santo. Sapagka't ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, sa mga Gentil, sa lahat ng mga nangasa malayo, ilan man ang sa Panginoon nating Dios—ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios." Kita n'yo? (Hindi, "ilan man ang tawagin ng mga Methodist, ang tawagin ng mga Baptist.") Kundi, "Ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios, ay makatatanggap ng Espiritu Santo, at mangagpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." Ito'y kung ano ang sinabi ng Biblia.

Pag 'yan ay tumama sa inyo, sasabihin n'yo, "Amen."

Ang sabi ng iglesya, "Oh, wala itong anumang pagkakaiba."

269 Nguni't itong Espiritu Santo na nasa inyo, ay nagsasabing, "amen" sa Kaniyang Salita. "Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa Salita na lumalabas sa bibig ng Dios." Hayan kayo.

270 Gusto kong ipakita n'yo sa akin ang isang Kasulatan kung saan ito kailanman ay nagsabing ang mansanas ang nagpasimula ng bagay na nangyayari ngayon. Gusto kong ipakita n'yo sa akin na sila ay kumain ng mansanas. Aking ipinakita sa inyo kung saan si Cain ay nag-isip din ng ganyan, at kung saan ang kaniyang binhi ay iniisip pa rin ang gayong bagay.

271 Nguni't ang espirituwal na kapahayagan ng Dios ang nagpapatunay, sa pamamagitan ng Biblia, na ito'y seksuwal na pagniniig sa pagitan ng lalaki at babae, na ilegal. Diyan ay kung saan nanggaling ang mga higante n'yo. Diyan ay kung saan nanggaling ang inyong kasalanan. Diyan ay kung saan nanggaling ang inyong kabulukan. Diyan ay kung saan ito nagtungo.

272 Ngayon pansinin sa lahat nito—nito, masdan, ang—ang serpiyente ay kasingdoble ang talino. Ang kaniyang binhi ay lagi nang kasingdoble ang talino. At nais kong umakyat sa pulpitong ito at kunin ang mikroponong ito sa aking kamay, [Si Kapatid na Branham ay inililipat ang mikropono—Pat.], at ipanatili ang aking paa sa taas ng pulpito, at sabihin ito. At, ngayon, nasaan ang inyong mga dakilang intelektuwal? Ang inyong pastor na nagtungo roon at nagkaroon ng maraming kaalamang intelektuwal, at siya'y tumatayo; siya ang pastor ng pinakamalalaking mga simbahan na mayroon sa bayan, at kung anu-ano pang tulad niyan. Saan nga nakatayo ang binhi ng serpiyente? Sa mga matatalinong intelihenteng lugar na tulad niyan; matalino, tusong mga iskolar. Diyan ay kung saan siya naroon. Diyan ay kung saan siya nananatili.

273 "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking

Espiritu, sabi ng Panginoon." Kita n'yo? Diyan ay kung saan kayo. . .

274 Pagkatapos inyong kunin ang isang lalaking kapatid na nakatayo doon sa kanto, namamaga ang mga mata niya sa kaiiyak, at marahil nakatayo doon na tinutugtog ang isang lumang gitara, nagsasabing, "Kapatid, halika, hanapin mo ang Panginoon!"

275 Ang pastor ay napadaan, sabi, "Huh! Hindi ko gagawin na ang aking kongregasyon. . . Aba, hindi ako makikisama, hindi ko papayagan ang aking. . . hindi papayagan sina Liddy at Johnny at sila na makita ako sa isang lugar na tulad niyan." Sumige ka, binhi ng diablo, ika'y patungo sa iyong Walang Hanggang destinasyon, pa rin naman. Iya'y tama. Maaaring nakapagsabi ako ng iba pang salita doon, at sinabing "bastardong mga anak," at 'yan ay kung saan lamang ito naroon. Dahil, nakita n'yo, kayo. . .

276 "Walang taong makalalapit sa Akin maliban na ang Aking Ama ang magdala sa kaniya. At lahat ng lalapit sa Akin, Aking babangunin sa huling araw. Walang kahit anong mawawala. Nasa Akin ito. Aking iingatan ito. Walang sinumang makagagawa nito, maliban Nito."

277 Lahat ay nakasalalay sa Kaniya. Hindi n'yo masasabi, "May isang bagay akong nagawa." Ito'y biyaya ng Dios na gumawa ng lahat nito. Kaya, walang anuman akong ginawa. Wala akong isa mang bagay na dapat gawin; ikaw kailanma'y hindi, sinuma'y hindi. Wala kang kailanma'y kagalingang nagawa. Ang Dios ang gumawa sa bawa't piraso nito. Hindi mo kailanman iginalaw ang iyong daliri sa isa mang bahagi nito. Hindi mo sinabing, "Aba, ako ay galing sa isang mabuting pamilya. Aking ginawa *ito*." Iyan ay walang anumang kinalaman dito. Ang Dios ang Siyang may gawa nito; ang kahabagan ng Dios.

278 Paumanhin ngayon, hindi pa man alas-onse, nguni't ako'y magtatapos na, gayunpaman. Kita n'yo?

279 Ilan ang nakauunawa na ang Biblia ang nangungusap sa mga bagay na ito na siyang Katotohanan; kayo na mga taga-Branham Tabernacle, lalo na? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Ngayon, 'yan ay mga isa't makalabing-anim lamang sa kung ano ang ating itinuturo at pinaniniwalaan. Nguni't, tandaan, sa inyo na nakasaksi, maaari kong masabi ito, kayong mga tao na hindi pumupunta rito bilang isang miyembro. Sa paraang pinaniniwalaan namin ito, na *Ito* ay ang Biblia, at ang Biblia ay ang Katotohanan ng Dios.

280 At kami'y naniniwala, na, sa Lumang Tipan, ngayon, mayroon silang paraan kung paano malaman ang katotohanan at kung ano ang hindi katotohanan.

281 Ngayon, alam nating lahat na mayroon silang batas na naisulat. Ilan ang nakakaalam niyan? Ang batas, ang—ang mga

kautusan ay nasa kaban, at iba pa; buweno, at ang batas sa mga kautusan. Sabi, "Huwag kang mangangalunya. Sinumang magkasala ng pangangalunya ay babatuhin." Kita n'yo? Iyon noon ay ang—ang kautusan, at ang batas sa kautusan. Ngayon, ang kaban ay nakaupong tulad *nito*; ang mga kautusan ay nakababa sa loob niyon, at ang mga batas ng mga kautusan ay nasa mga bulsa sa tagiliran ng kaban. Kung ang tao ay lalapit dito, nagkasala ng pangangalunya; aabot sa baba rito at nakuha kung ano ang sinasabi ng batas, "batuhin siya." Kanilang dadalhin siya kaagad palabas at babatuhin siya. 'Yan ay kung ano ang batas na nasa kautusan.

282 Ngayon mayroon pa silang dalawang paraan ng pag-alam. Lagi nang may tatlo, bilang pagpapatunay. Sila'y may iba pang pamamaraan ng pag-alam, at iyon ay alinman sa pamamagitan ng propeta o ng isang tagapanaginip. Ilan ang nakakaalam niyan? "Kung may isa sa gitna ninyo na espirituwal, o isang propeta, Akong Panginoon ay pakikilala sa kaniya sa mga panaginip, at makikipag-usap sa kaniya sa mga pangitain." Iya'y tama. Ngayon, siya ay isang nagpropropesiya.

283 Ngayon, kung ang isang tao ay lumapit, sabi, "Oh, Aleluya, nasa akin ito! Ako'y nagpropropesiya na sa Pangalan ng Panginoon. Nasa akin na ang kapahayagan." Hindi nila ito pawawalan nang ganyan, tulad ng ginagawa ninyong mga tao. Kanilang sinisiyasat 'yan sa pamamagitan ng Dios, muna.

284 Ngayon, sa baluti-sa-dibdib ni Aaron ay mayroon sila na kung tawagin ay Urim Tummim. Ilan na ang nakarinig sa salita na 'yan? Ano ito? Ay yaong labindalawang bato, anim sa bawa't panig, ng labindalawang patriarka; jaspe, si Juda, at iba pa, at tuloy-tuloy, ang labindalawang bato. At pagkatapos kanilang dadalhin ang propetang ito, o tagapanaginip, at kanilang isasabit itong baluti-sa-dibdib sa itaas, at patatayuin nila siya doon. At sasabihin nila, "Ngayon magpropesiya ka at sabihin ang iyong propesiya."

"Ang Panginoon ay nangusap sa akin at nagsabi ng ganito—ganitong mga bagay."

285 Gaano man ito katotoo sa paningin, maaaring sa pandinig ito'y tila bagang ganap na katotohanan lamang; nguni't kung silang mga ilaw ay hindi nagsama-sama at lumikha ng isang kulay bahaghari doon, sa Urim Tummim, silang mga ilaw na nagkakatipon-tipong magkakasama, ang supernatural na gumagawa, na nagpapatunay. Kita n'yo, lagi nang pinatunayan ng Dios ang Kaniyang Salita. Kita n'yo? At iyang supernatural na mga ilaw ay hindi kumislap doon, kung gayon wala akong pakialam gaano man ito katotoo sa paningin, ito ay mali.

286 Kung ang isang tagapanaginip ay nagsabi, "Ako'y nanaginip ng isang panaginip, at ang sabi ng panaginip na ito, na, 'Ang Israel ay dapat na lumipat at magtungo sa isang lugar, pagka't

ang mga taga-Syria ay darating sa dakong *ito* at kukubkubin ito.'" Kanilang dadalhin ang tagapanaginip doon; kaniyang sinabi ang kaniyang panaginip. Kung silang mga ilaw ay hindi kumislap doon, siya ay mali, gaano man . . . Kung ang mga taga-Syria man ay nakahanda na upang makibaka sa dako roon, siya ay mali. Hindi, po. Sila, siguradong-sigurado, ito'y kailangang mapatunayan sa pamamagitan ng Urim Tummim.

287 Ngayon lahat ay nakaaalam na ang matandang pagkasaserdote ay wala na, inalis na, at ang Urim Tummim ay kasama nitong nawala na. Alam natin iyan, hindi ba? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

288 At ang bagong pagkasaserdote ay dumating. Ano? Mayroon ba tayong Urim Tummim sa panahong ito? Opo, ginoo. Ang Salita ng Dios! Opo, ginoo. *Ito* nga ito. Kung ang sinumang tao ay may anumang uri ng kapahayagan, o nangungusap ng anumang bagay, o anumang doktrina na hindi ayon at su- . . . at sumasang-ayon sa Bibliang ito, sa kabuuan ng Kasulatan, siya ay mali. Walang anuman sa akin kung anong denominasyon siya, kung gaano siya kabuti, kung gaano siya katalino, kung gaano siya ka-edukado; siya ay mali.

289 At kapag ang sinumang tao ay nagsasabi sa inyo ng mga bagay na ito, na aming itinuro sa iglesyang ito ngayon, at magsabi sa inyo, na, "Kung ika'y winisikan, ito'y ayos lang," siya'y nagsabi sa inyo ng kasinungalingan. Hindi iyan kikislap sa Urim Tummim. Pag sinabi niya sa inyo, na, "Ang pagbubuhos ay ayos lang," nagsabi siya sa inyo ng kasinungalingan. Sinasabi niya sa inyo, "Ang mabautismuhan sa pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo,' ay ayos lang," siya ay nagsabi sa inyo ng kasinungalingan. Kung sabihin niya sa inyo, "Ang mga araw ng mga himala ay lumipas na," siya'y nagsabi sa inyo ng kasinungalingan. Kung sabihin niya sa inyo, "Ayos lang para sa mga kababaihan ang mangaral," siya ay nagsabi sa inyo ng kasinungalingan. Kung sabihin niya sa inyo, "Ayos lang para sa iyo na magpatuloy at manatili sa iyong denominasyon," siya'y nagsabi sa inyo ng kasinungalingan. Hindi ito kikislap sa Urim Tummim. At dose-dosena pang mga bagay na lumabas, diyan sa matandang "INANG PATUTOT," at nanggagaling doon, at hayan ay kung bakit lumalayo tayo mula sa denominasyon.

290 Mahal natin ang mga kapatiran at mga kapatirang kababaihan doon sa mga denominasyon na 'yon. Nguni't hindi ka humahayo, at nagsasabing, "Ako'y isang Methodist," at gagawin kang isang Cristiano, para sa akin. Ika'y isang Cristiano dahil ikaw ay ipinanganak sa Espiritu ng Dios. Hindi mo kailangang maging Methodist o Baptist. Hindi mo kailangang maging alin man d'yan. Kailangan mo lamang maipanganak sa Espiritu ng Dios. Naniniwala ka ba rito? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

291 Sa ibabaw ng mga batayang ito, kung may sinuman ang narito at nais makipagtulungan at mapabilang sa pakikisama ng pagsambang ito, at nais maging—nais na mailubog, mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, narito ang tubig. Sila'y magbabautismo, sa ilang saglit lang.

292 Kung mayroon man, marami rito, sinuman na nais lumapit, sa ano mang ibang paraan? Kami'y naririto. Iya'y tama.

293 Ngayon, kami—kami ay walang pagpapamiyembro; kayo'y pumunta lamang sa iglesyang ito. Kami'y naniniwala na si Cristo ay nasa iglesyang Methodist, sa iglesyang Baptist, sa iglesyang Presbyterian. Siya ay may mga miyembro sa bawa't isa sa kanila. At ano ang kulang, sa ngayon; ay maling propesiya na naglalabas sa mga bagay na iyon, ang katuruan ng mga iglesyang iyon, na lubos na salungat sa Biblia.

294 Ngayon, kung may isang nagpaliwanag Niyan nang malinaw sa akin, ako'y tiyak na ihahanda ang aking sarili. . . Ako'y naniniwala na may sapat na Espiritu ng Dios sa akin, upang saliksikin iyang Biblia at lumapit at itama ito. Kung ako lamang ay lumakad at nakipagkamay sa mangangaral, at inilagay ang pangalan ko sa libro, at mayroon pa ring galit at malisya sa aking puso, at mayroon pa ring inggit at pakikipagtalo, at di pa rin sinasampalatayanan si Jesus Cristo bilang siyang dakilang tagapagpagaling, at iba pang tulad niyan, ako'y lalapit na magpapatuwid sa Dios, kaagad-agad. Ako'y tiyak na naniniwala na gagawin ko. Ako—ako'y magiging ganyan katapat tungkol dito. Ako'y lalapit na magpapatuwid sa Dios. Kung ako'y nagbabale-wala lang dahil sa ako'y isang Baptist o isang Methodist, ako'y magtutungo roon at ipapasok ang Cristianismo sa aking puso. Gagawin ko ito. Opo, ginoo.

295 Ngayon tandaan ang darating na rebaybal, na magsisimula, kung loloobin ng Panginoon, ngayong darating na Miyerkules ng gabi. Ito'y ayon sa mga batayang ito.

296 Makinig, mga kaibigan, may isang tunay at buhay na Dios. Iya'y tama. Si Jesus Cristo ay ang Anak ng Dios. Ang Espiritu Santo ay nasa Iglesya ngayon.

297 Ngayon, kung mayroon lamang isang tao na magsasabi sa akin niyan, may karapatan akong pag-alinlanganan ito. Nguni't, pakinggan. Isang araw sa dako roon, samantalang isang batang lalaki, ako'y nakatayo sa ilalim ng puno; nakita ko Siya. Narinig ko Siya. Sinabi Niya sa akin, sabi, "Lumayo ka mula sa kanila na maruruming babae. Lumayo ka mula sa mga sigarilyo. Lumayo ka mula sa pagmumura, pag-iinom, at lahat ng mga bagay na ito. Ako'y may ipagagawa sa iyo pag ikaw ay nasa gulang na." Alam ko na Siya ay tunay, na buhay na Dios na tumutupad sa Kaniyang Salita.

298 Nang ako'y tumanda nang kaunti, gaano Niyang kinatagpo ako, kung gaano Siya nakipag-usap sa akin! Gaano ko Siyang

nakita roon, tulad sa nagniningas na palumpong, at iyang apoy na kumikilos sa palibot doon! Gaanong nakita ko Siyang nangusap at nagsabi ng eksakto kung ano ang magaganap; at, bawa't pagkakataon, tumatamang perpekto nang gayon na lamang, perpektong tulad niyan.

299 Ang Siya ring nagsasabi niyaong mga sinakdal na mga bagay gaya niyan, ay ang Siya rin Na nagbibigay-inspirasyon sa akin na ituro ang Bibliang ito sa paraang itinuturo ko Ito. Iya'y tama. Kaya, Ito'y nanggaling sa Dios. Sa akin, ito ang Dios na Makapangyarihan-sa-lahat, at Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

300 Sabi ni Jesus, "Ako'y nagmula sa Ama, at Ako ay babalik sa Ama." Nang Siya ay dumating . . .

301 Nang Siya ang Dios sa ilang, Siya ay isang naglalagablab na Liwanag. At ilan ang nakakaalam niyan? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Siya ay isang naglalagablab na Liwanag, Haliging Apoy.

302 At Siya ay dumating dito sa lupa, at sabi Niya, "Ako'y nagmula sa Ama, at Ako ay babalik . . . Ako'y nagmula sa Dios, at Ako ay babalik sa Dios."

303 Nang Siya'y namatay, nalibing, at nabuhay muli, at si Pablo sa kaniyang daan patungong Damasco ay nasalubong Siya muli, ano Siya? [May isang nagsasabi, "Isang Haliging Apoy."—Pat.] Isang Haliging Apoy pa rin. Opo, ginoo.

304 Ano ang Kaniyang ginawa nang narito Siya sa lupa? Ano ang Kaniyang ginawa nang masalubong Niya si Pablo? Paano Niya siya isinugo? Kaniyang isinugo siya sa isang propeta na nagsabi sa kaniya kung paano mababautismuhan, nagsabi sa kaniya kung ano ang gagawin; ipinatong ang mga kamay nito sa kaniya at pinagaling siya, sinabi sa kaniya na nakakita siya ng pangitain.

305 Ang Siya ring Jesus ang narito ngayon, gumagawa ng gayun ding mga bagay, at siya pa ring Haliging Apoy, nagtuturo ng gayun ding bagay, at pinatutunayan ito sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, at sa pamamagitan ng mga tanda at mga himala. Ako'y lubos na nagagalak na maging isang Cristiano, hindi ko alam kung ano ang gagawin. Ako'y nagagalak na kayo ay Cristiano.

306 At kayo, sa tabernakulo rito, nasabi ko sa inyo na ating papalitan ang pangalan nito. Hindi ito tama para rito na maging Branham Tabernacle. Iyan ay isa lamang tao, kita n'yo. Ating papalitan ang pangalan nito, gawin itong ibang pangalan. Tayo'y tutungo diyan, pagkatapos ng ilang sandali. Nais ko lamang itong maging isang—isang iglesya ng buhay na Dios. Hindi ko gustong ito'y Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal. Ako . . .

307 Lahat ng mga taong iyan, mahal ko ng aking buong puso. Hindi ko alam kung sino ang alin. Hindi ko masabi sa inyo. Kailangan ko lamang na ipangaral ang Salita. Aking inihahagis ang lambat at hinihila ito. May mga palaka, at may mga talangka, at may mga ahas, at may ilang mga isda, rin. Nasa Dios ang pagpapasya riyan. Akin lamang hihilahin ang lambat, ipangangaral lang ang Salita at hihilahin ito papasok, at sasabihin, "Heto po sila, Panginoon, nasa palibot ng altar. Iyong nakikilala ang sa Iyo; kilala Mo sila mula pa sa pagkatatag. Hindi ko alam kung alin ang alin. Alam Mo, kaya nasa sa Iyo, Panginoon. Iyan ang pinakamainam na magagawa ko. Ako'y magtutungo rito at sasagap sa kung saang lugar ngayon, at magpapasok ng isa pang grupo. Iyan lamang ang aking magagawa." Mabuti.

Oh, I feel like traveling on,
I feel like traveling on;
My Heavenly Home is bright and fair,
And I feel like traveling on.

308 Ngayon tandaan, sinuman ang nagnanais na makipagtipon, tawagan lamang si G. Mercier dito: BUtler 2-1519. Kami'y malulugod na makita kayo. Kung ang inyong pamilya ay pumasok, kailangang magmadali sa oras ng rebaybal . . . Ngayon aalis ako, mula ngayong gabi, upang mapag-isa, at mawawala ng dalawang araw ngayon, mag-isa.

309 Ako lamang ay papasok doon at mag-aaral, tulad nito, "Panginoon, Ika'y malapit sa akin. Alam ko na Ika'y narito. At ang Iyong Salita ay nagsabi na Ikaw ay lalapit sa kanila na lumalapit sa Iyo." Ako'y patuloy na nananalangin at nagbabantay hanggang sa aking makita iyang Haliging Apoy na magpapasimulang kumilos. Alam kong nakahanda na kung gayon. Pagkatapos ako'y lalakad sa plataporma para sa gawaing pagpapagaling, upang manalangin, at upang gawin ang aking magagawa para makatulong sa mga may sakit at may karamdaman.

310 Aming pinasasalamatan ang lahat ng inyong kabutihan ngayon. At pag kayo'y lumapit, lumapit na sumasampalataya, at tayo'y umaasa na magkakaroon ng isang dakilang pagtitipon. Nais kong sabihin na . . .

311 Si Kapatid na lalaking Jefferies, narito ba siya ngayong gabi? Nais naming pasalamatan si Kapatid na Jefferies at ang kaniyang ginawa. Palagay ko siya ay bumalik na sa mga isla, at iba pa.

312 Nagagalak ako na makita sina Kapatid na Lalaki at Babaeng Wright, at karamihan sa inyong mga tao rito.

313 At aking nakita si attorney Robertson dito, kanina lang, pumasok kanina lang. Gusto kong pasalamatan siya sa kaniyang—sa kaniyang mensahe na inihatid niya nitong

nakaraang araw. Walang sinumang nagsabi kung sino iyon. Iyan ay nakakahiya. Siya ay tunay na may magandang mensahe sa propesiya, parang katulad ng aking ipinangangaral ngayong gabi.

314 At, kaya, pagkatapos may isa pang ministro rito kaninang umaga, o kagabi, si Kapatid na lalaking Smith, mula sa iglesyang Methodist...o mula sa Church of God, banda rito. Di ko alam kung nandito siya ngayong gabi, o wala. Kung kayo'y tatayo man sa pulpitong ito at titingin kayo sa banda roon, para bang ito'y mahirap masabi; ito'y patag, nakita n'yo, at hindi n'yo masabi. Kung ikaw ay narito, Kapatid na Smith, pinasasalamatan ka namin.

315 At hindi ba itong, nakaupo banda rito, itong munting kapatirang lalaki ay mula sa Georgia, sa bandang likuran na nakaupong katabi ni Kapatid na Collins? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.] Nagagalak ako na makita ka rito ngayong gabi, kapatid.

316 At ang iba sa inyo, lahat kayo, bawa't isa ay nakakakilala kung sino kayo.

317 Palagay ko ito ang kapatid na babae at kapatid na lalaki dito na pumaroon at ipinanalangin ang batang babae nang panahong iyon, dito mismo, isang manggagamot ang nakaupo banda rito sa gilid. Pagpalain ka ng Panginoon, doktor.

318 Ngayon, pakiusap huwag kayong matisod sa akin, kayo na mga ministro at mga kapatiran, dahil sa paraan ng aking mahigpit na pagtuturo nito nang kasingtindi ng magagawa ko. Ito ang aming tabernakulo. Ito ang aming tinatayuan, at nais naming ilatag Ito sa Salitang iyan, at ligligin sila sa pamamagitan Nito. Kung gayon, kung kayo man ay mapalihis sa linya, kami'y babalik at sasabihing, "Mas alam mo na. Heto Ito'y nasa teyp." Kita n'yo? Hayan na nga. "Heto Ito'y nasa teyp."

319 Tayo'y may napakarami pang kailangang ipagpatuloy doon, Leo. Nguni't, nguni't tayo...Kayo'y may ganoon na karami. Kayo'y manatili lamang Diyan, at tatalakayin natin ang natitira Nito pagkatapos ng ilang panahon. Katulad ng lalaki na noon, kumakain ng pakwan, sabi, "Iyan ay masarap talaga, nguni't marami pa nito." Kaya tayo'y marami pa Nito, pa rin, na darating.

320 Pagpalain kayo ng Panginoon, tunay ngang mainam ngayon. Habang tayo...Magkakaroon ng isang pagbabautismo na gawain ngayon din. Tama ba 'yan, Kapatid na Neville? [Si Kapatid na Neville ay nagsasabi, "Oo, sa palagay ko ganoon na nga."—Pat.] Meron ba rito na magpapabautismo ngayon din? Wala sa amin kahit sino pa kayo; kami'y—kami'y naririto para magbautismo. Itaas ang inyong mga kamay, ang mga magpapabautismo. May isa, ako'y naniniwalang ito'y isang... Heto ang isang binibini rito. At meron pa bang iba? Ngayon,

meron tayong mga damit dito kapwa para sa mga lalaki at mga babae.

321 Ngayon, hindi natin sinasabi, "Iwanan ang iglesyang Baptist. Iwanan ang iglesyang Methodist." Hindi namin sinasabi. Kayo ay bumalik mismo sa inyong iglesya. Nguni't kung hindi ka pa nabautismuhan ng naaayon sa Kasulatan, sa Pangalan ng Panginoong Jesus . . . Hindi sa Pangalan ni "Jesus" lang, ngayon. Sa Pangalan ng "Panginoong Jesus Cristo," 'yan ang Kasulatan. Ikaw ay nabautismuhan nang mali.

322 Ayaw ko ng abala kapag ako'y lumusong sa ilog. Nais ko ang lahat ng bagay na kasinglinaw ng makakaya kong magawa, kapag hawak ko ang tiket na iyan, kita n'yo, pagka't nais kong makasakay sa panahon na iyon. Pinapayuhan ko kayo na ganoon din ang inyong gawin.

323 Bumalik sa inyong iglesya. Iyan ay nasa, sa pagitan n'yo at ng Dios. Iyan lang ang masasabi ko sa inyo.

324 Nguni't wala isa man sa Kasulatan na nabautismuhan sa anumang ibang paraan kundi sa Pangalan ng "Panginoong Jesus Cristo." At yaong mga nabautismuhan, ay inutusan ni San Pablo, na nagsabi, "Kung ang isang Anghel ay mangaral ng iba pa mang bagay, hayaang siya'y matakwil." Inutusan nila na lumapit at muling magpabautismo, muli, sa Pangalan ng "Panginoong Jesus Cristo." Iya'y tama. At kaniyang ginawa ito. At kung ano ang kaniyang ginawa, kaniyang iniutos sa atin na gawin; at iyan ang kung anong gagawin natin, kung loloobin ng Dios.

Tayo'y naniniwala sa paghuhugasán ng paa. Tayo'y naniniwala sa banal na hapunan.

325 Tayo'y naniniwala sa ikalawang Pagparito ni Cristo, ang mga nakikita, korporal na katawan ng Panginoon; hindi Espiritu, kundi ang katawang korporal ng Panginoong Jesus na dumarating muli sa kaluwalhatian.

326 Tayo'y naniniwala sa pisikal na muling pagkabuhay ng mga patay, upang tumanggap ng isang katawan, hindi matanda at kulubot katulad ng ating pagtungo sa libingan; kundi isang bago, sa pinakasibol ng kabataan, upang mabuhay magpakailanman.

327 Tayo'y naniniwala sa kawalang kamatayan ng kaluluwa, walang-duda. Tayo'y naniniwala na meron lamang isang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yan ang Buhay na iyong nakukuha mula kay Cristo Jesus. Iyan ay tamang-tama.

328 Samakatuwid, hindi tayo naniniwala sa Walang Hanggang kaparusahan. Naniniwala tayo sa apoy ng impiyerno, naglalagablab na asupre, nguni't hindi tayo naniniwala na ito'y magliliyab magpakailanman; kung mangyayari ito, mayroon kang Buhay na Walang Hanggan. Mayroon lamang isang Walang Hanggang Buhay; Iyan ay nagmumula sa Dios.

At iya'y tama. Ika'y susunugin, maaaring milyon na mga taon, sampung milyong taon, hindi ko alam, nguni't hindi ka maaaring magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan. Hindi ka maaaring masunog magpakailanman. . . Maaaring masunog ka magpakailanman, nguni't hindi Walang Hanggan. Kita n'yo, mayroong pagkakaiba sa pagitan ng Walang Hanggan at magpakailanman. Ang *magpakailanman* ay magpakailanman at magpakailanman, isang pangatnig, ibig sabihin isang "lawig ng panahon." Nguni't, Walang Hanggan, hindi ka magkakaroon ng Walang Hanggang kaparusahan.

329 Ikaw ay may Buhay na Walang Hanggan, dahil meron lamang isang uri ng Walang Hanggang Buhay. At siya na may Walang Hanggang Buhay, ay nabubuhay at pinagpapala ng Dios magpakailanman.

330 "Nguni't ang kaluluwang nagkakasala, ang kaluluwang iyan ay. . ." Ano? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, ". . . mamamatay."—Pat.] Iya'y tama. Kung gayon, wala itong Buhay na Walang Hanggan. Tiyak. Ito'y may—ito'y may kaparusahan, nguni't hindi Walang Hanggang Buhay.

331 Kaya, inyong nakita, marami pang mga bagay ang dapat ituro, tatalakayin natin sa mga susunod na pagkakataon. Pagpalain kayo ng Panginoon.

332 Ngayon awitin natin ang magandang makalumang awitin na ito, habang ang ating kapatid na babae ay patungo roon. Naniniwala ako na ang dalagang ito ay maaari nang. . .

333 Rosella, 'yan ba ang nanay mo? [Sinasabi ni Kapatid na Rosella, "Opo."—Pat.] Aba, pagpalain ang 'yong puso! Nagagalak ako na makita ka, kapatid, na ginagawa 'yan. 'Yan ay napakainam.

334 Si Rosella Griffin, isa sa mga pinakamainam na munting kaibigan na meron tayo. Siya ay isang dalaga na dating pusakal na manginginom; sa ilan sa inyong mga taong naririto, maaaring isang dayo. Walang anuman kay Rosella na sinabi ko 'yon. Nang siya ay umakyat sa entablado doon banda sa—sa kung saan. . . sa dako rito sa Indiana. Kung kayo'y nakakita na ng isang miserable, siya ay isa sa kanila, isang lasenggang banlág. Kung saan, apat na kilalang manggagamot sa Chicago ang nagsabing siya nga. . . Ang Alcoholics Anonymous, at lahat na, ay sumuko na sa kaniya. Nguni't isang gabi nang dumalo siya sa pagtitipon, ang Espiritu Santo ay inihayag ang kaniyang buhay at sinabi sa kaniya mismo d'yan. Iyan ang nag-ayos nito.

335 Tingnan siya ngayon, palagay ko, mga tatlumpu-pataas na taong gulang, mapagkakamalang labingwalo; marilag, magandang dalaga. Hindi na tumikim ng alak mula noon; wala nang pagnanasa dito. Nabubuhay para kay Cristo, nag-iikot sa mga lansangan, kung saan-saan, nagpapatotoo sa ikaluluwalhati ng Dios, sa mga makasalanan at mga sugapa sa

alak, sa mga lugar ng mga sawimpalad at lasenggo, at lahat na, sa Chicago, gumagawa ng isang bagay para sa Panginoon.

336 Siya'y nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at ang kaniyang ina ay dumating ngayong gabi upang gawin din ang gayon; kung ang Dios ay kayang pagalingin siya, kung si Jesus ay kayang pagalingin siya . . . "Anumang inyong gawin sa salita o sa gawa, gawin itong lahat sa Pangalan ni . . . " [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Jesus Cristo."—Pat.] Ganyan ang sinabi ng Biblia. Iya'y tama.

337 Buweno, ngayon ay ating gaganapin ang gawaing pagbabautismo. Isasara natin ang mga ilaw sa loob ng ilang minuto lamang habang naghahanda tayo sa gawain, upang magbautismo, at—at sa gayon ating aasahan ang isang magandang panahon sa Panginoon.

338 Gagawin mo ba ang gawaing pagbabautismo ngayong gabi? Mabuti, ika'y dapat nang—ika'y dapat nang maghanda. At ako'y magpapasimula na, pangungunahan ko ang mga awitan at mga bagay-bagay habang tayo'y nagpapatuloy na kung gayon. Habang sila'y gumagawa . . . [Si Kapatid na Neville ay nagsasabi, "Meron bang mga damit banda sa likuran dito, Doc?"—Pat.] Damit-pangbautismo, Doc, bilisan mo. Sige.

339 Atin lamang awitin ang isa dito sa mainam na lumang . . . [Si Kapatid na Branham ay nangunguna sa pag-aawitang pangkongregasyon, habang si Kapatid na Neville ay binabautismuhan ang kapatirang babae—Pat.]

340 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] At hanggang ginagawa natin iyan, sa ating pag-alis, kailangan nating gawin ang ano?

> Dalhin ang Pangalan ni Jesus na kasama natin,
> Nagpapatirapa sa Kaniyang paanan,
> Hari ng mga hari sa Kalangitan, atin Siyang puputungan,
> Kapag ang ating paglalakbay ay natapos.

Buweno, tumayo tayo!

> Take the Name of Jesus with you,
> Child of sorrow and of woe;
> It will joy and comfort give you . . .

341 Sasabihin ko sa inyo kung ano ang gagawin natin. Lumingon sa kanan palibot at makipagkamay sa sinuman d'yan, at sabihin, "Kumusta ka, kapatid? Ako'y talagang nagagalak na makasama ka sa gawain."

> Precious Name, O how sweet!
> . . . and joy of Heaven;
> Precious Name, precious Name, O . . .

*Ang Binhi Ng Serpiyente* TAG58-0928E
(The Serpent's Seed)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Setyembre 28, 1958, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org